ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# ALON NG OPPA SA FILIPINO DRAMA: ISANG TEMATIKONG PAGSUSURI NG ORIHINAL NA K-DRAMA SA FILIPINO ADAPTASYON NA KINAHUHUMALINGAN NG MGA FILIPINO AWDIYENS

**Erwen G. Pasindo[1], Evelyn R. Cutamora PhD**
[1]*ORCID No. 0009-0009-5931-1990*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19759**
**DOI No: 10.36713/epra19759**

## ABSTRAK

Ang kultura ay nagsisilbing kaluluwa ng isang bansa at nagpapakilala sa pagkakakilanlan ng mga mamamayan nito. Sinasaklaw nito ang mga paniniwala, tradisyon, pamahiin, sining, at wika ng isang lipunan. Sa pananaliksik na ito, tinalakay ang ilang kulturang Koreano na may pagkakatulad sa kulturang Filipino, partikular sa mga K-Drama, na siyang nagiging sanhi ng pagkahumaling ng mga Pilipino sa mga palabas na ito. Gumamit ng deskriptibong-kwalitatibong pamaraan at content analysis upang suriin ang mga K-Drama tulad ng The World of the Married, Temptation of Wife, at My Love from the Star. Sa pagsusuri, lumitaw na ang tema, moda, at musika ng K-Drama ay may malaking ambag sa popularidad nito sa mga Pilipino. Natukoy din na ang mga elementong tulad ng pamahiin, paniniwala, at tradisyon ng mga Koreano ay may pagkakatulad sa kultura ng mga Pilipino. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang mga K-Drama ay naglalaman ng mga kultural na salik na nakahihikayat sa mga manonood. Inirerekomenda ng mga mananaliksik na gawing makabuluhan ang panonood ng K-Drama sa pamamagitan ng pagsasanib ng multikultural na oryentasyon sa edukasyon, upang mapalalim ang kaalaman sa ibang kultura nang hindi nalilimutan ang sariling kultura.

**MGA SUSING SALITA***:* Kultura, Hallyu, *cultural factors*, K-Drama, *Korean Wave*, *K-Fashion*

## INTRODUKSYON

Ang paglaganap ng mga adaptasyong teleserye at pelikula mula sa Asya, partikular na sa Pilipinas, ay may parehong positibo at negatibong epekto sa mga Pilipino. Sa positibong aspeto, nagiging tulay ang mga adaptasyong ito upang maipalawak ang kaalaman ng mga Pilipino sa kultura, tradisyon, at pamahiin ng iba't ibang bansa. Natutuklasan din dito ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga kultura, na nagbubukas ng oportunidad upang mapaunlad ang kaalaman sa paggawa ng dekalidad na teleserye at pelikula. Samantala, ang labis na pagtangkilik sa banyagang likha ay nagdudulot ng pagbaba ng suporta para sa sariling pelikula, na nagiging sanhi ng paghina ng lokal na industriya. Bukod dito, unti-unti ring nawawala ang pagpapahalaga ng mga Pilipino, lalo na ng kabataan, sa sariling kultura. Mahalaga, kung gayon, na maunawaan ang balanseng epekto ng mga adaptasyong ito upang mapanatili at mapalakas ang kulturang Pilipino (Portillo, 2019).

Sa patuloy na pagtaas ng popularidad at kasikatan ng mga Korean Drama sa bansang Pilipinas, napapansin ang malalim na pagkakahumaling ng mga Pilipino sa mga palabas na ito. Sa pag-usbong ng kasikatan ng K-Drama saan mang panig ng mundo lalong-lalo na sa bansang Pilipinas ay siya namang unti-unting paglayo ng mga Pilipino sa sariling kultura at pagkakakilanlan dulot ng pagkahumaling ng mga Pilipino sa Koreanong palabas. Ngunit, mahalagang malaman kung aling mga elementong kultural sa K-Drama ang nakakaakit sa mga Pilipino at kung paano ito nagkakaroon ng pagkakatulad sa kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito ay naglalayong tukuyin ang aspektong kultural na makikita sa K-Drama katulad ng paniniwala, pamahiin, kaugalian, at tradisyon na may pagkakapareho sa kulturang Pilipino, at suriin ang mga epekto nito sa pagtanggap ng mga Pilipino. Sa pamamagitan nito, layunin ng pananaliksik na maintindihan ang impluwensiyan ng Korean Drama sa mga manonood sa Pilipinas at kung paano ito maaaring magamit upang palawakin ang multikultural na pag-unawa habang napapanatili ang pagpapahalaga sa sariling kultura.

Sa Asya partikular sa Korean entertainment o K-wave, partikular ang Hallyu, ay naging isang malalaking industriya na kinakatawan ng mga guwapong aktor at magagandang aktres, magagandang mga lokasyon, kultural at moral na mga halaga, at marami pang iba. Bukod sa K-pop music, ang K-Drama ay naging popular din sa mga nakaraang taon. Sa totoo lang, ang mga seryeng telebisyon ng K-Drama ay naging paboritong libangan sa Asya. Ayon kay Lee at Yu (2018), mula sa kasikatan ng K-pop music, naging makabuluhan din ang impluwensya ng K-Drama sa buong mundo. Ang mga epekto nito ay naging napakalalim na nauunawaan, hanggang sa punto na ang mga lokasyon at mga setting ng K-Drama ay nagsilbing inspirasyon para sa mga turista na bumisita sa mga pook ng shooting sa South
Korea mula sa mga seryeng K-Drama (Ordoyo et al., 2021).

Ang Pilipinas ay kilala sa pagkakaroon ng isang napakayaman at makulay na kultura, na nagsisilbing simbolo ng pagka-Pilipino. Dahil sa makulay na kasaysayan ng bansa, hindi na nakakagulat na ang kultura nito ay napakabunga. Ang kultura ang itinuturing na kaluluwa ng isang bansa dahil ito ang nagdadala ng mga mahahalagang impormasyon mula sa ating kasaysayan, pamumuhay, paniniwala, sining, panitikan, wika, mga kaugalian, at mga tradisyon.. Sa isang lipunan o kumunidad, tumutulong ang kultura sa pagbibigay ng katuwirankung ano nga ba ang kaibahan ng tama sa mali, at mabuti sa masama. Ang kultura ay nagsisilbi ring pagkakakilanlan ng isang lugar. Nabubuo ang kultura upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal sa isang partikular na lugar (Brian Carlo 2018).

Mahalaga ang pagpapahalaga sa sariling kultura at sining. Bagamat lumaganap ang Korean Wave at mga adaptasyong teleserye at pelikula mula sa ibang bansa, ito ay nagbibigay pagkakataon para sa mga tao na suriin at maunawaan ang kanilang sariling kultura at sining. Sa pag-unlad ng mga ito, naihahayag na ang mga kultura ay patuloy na nagbabago,ngunit hindi dapat kalimutan ang mga tradisyon at gawaing sining na nagbigay-pagpakakilanlan sa isang bansa. Sa pagtangkilik sa mga internasyonal na sining at kultura, ito ay maaring magdulot ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapahalaga sa sariling kultura, na nagbibigay kulay at pagkakakilanlan sa bawat bansa.

Nakaangkla ang pananaliksik na ito sa pananaliksik nina Galit et al. (2021) na ang pamagat ay Hangug Deulama: Pagdalumat sa Kontekstong Kultural ng mga Piling Koreanong Palabas Na Kinahihiligan ng mga Pilipino na naka pokus lamang sa pagdalumat sa mga kontekstong kultural. Upang mapabago at mapalawak ang aking pananaliksik, nilinaw ng pananaliksik na ito ang mga pagbabagong naganap sa pagtangkilik sa mga Koreanong palabas mula noong oras ng kanilang pagsasaliksik. Isinama ng pananaliksik na ito ang mga potensyal na kadahilanan sa mga pagbabagong ito, tulad n**g** impluwensya ng teknolohiya at social media sa pagpapalaganap ng impormasyon.

Dagdag pa, tinalakay ng pananaliksik na ito ang mga pangunahing tema at mensahe ng mga K-Drama na kinahuhumalingan ng mga Pilipino at kung paano ang mga ito ay nagbabago sa paglipas ng panahon. Sa ganitong paraan, nais ng pananaliksik na ito na masuri ang pangmatagalang epekto at implikasyon ng K-Drama sa kultura at pagkakakilanlan ng mga Pilipino, higit pa sa pagdalumat lamang sa mga kontekstong kultural. Bukod dito, tiningnan ng pananaliksik ang mga paraan kung paano nakakaimpluwensya ang mga tema ng K-Drama sa pananaw at pamumuhay ng mga Pilipino sa araw-araw.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang mga kadahilanan kung bakit patuloy na nahuhumaling ang mga Filipino sa K-Drama. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay suriin at tukuyin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga elementong kultural na matatagpuan sa mga K-Drama at sa kultura ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga pagkakaibang ito, magiging mas malinaw ang pag-unawa sa kung paano nauugma o hindi nauugma ang mga ito, at kung paano ito nakaapekto sa mga manonood na Pilipino. Sa pag-aaral na ito, layunin ng pananaliksik na masuri ang mga aspekto ng mga K-Drama na maaaring magkaroon ng impluwensya sa persepsyon ng mga Pilipino sa kultura ng Korea at kung paano ito nagbabawas o nagpapalalim sa kanilang pag-unawa sa sariling kultura.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay layong hanapin ang mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga kulturang Koreano na ipinakikita sa mga piling Korean Drama na makikita sa kulturang Pilipino?
2. Ano ang mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa panonood ng Korean Drama?

## METODO

**Disenyo**

Sa pag-aaral na ito gagamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na magtatampok sa Diskursong Pagsusuri o (Discourse Analysis). Ang kwalitatibong pamamaraan ay naglalaman ng pagkolekta at pagsusuri ng hindi numerikal na datos (tulad ng teksto, video, o audio) upang maunawaan ang mga konsepto, opinyon, o karanasan (Bhandari, 2020). Ang kwalitatibong pananaliksik ay isang paraan ng pag-aaral na gumagamit ng iba't ibang estratehiya upang maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari o problema na nagaganap sa ating kapaligiran. Ito ay naglalaman ng pagsusuri ng mga dokumento, pagsasagawa ng panayam, at pagmamasid sa mga kalahok. Sa pamamagitan ng mga ito, maaring makakuha ng malalim na kaalaman at pag-unawa tungkol sa isang partikular na isyu o konteksto. (Creswell at Poth, 2018).

Ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalayong mangolekta at mag-analisa ng mga hindi numerikal na datos tulad ng mga konsepto, opinyon, at karanasan. Layunin nito na makalikom ng mga pananaw, bagong ideya, at pag-unawa sa mga problema. Kung kaya, gagamitin ang kwalitatibong pag-aaral na ito upang maintindihan at ang mga kulturang Koreano,tema at mensahe na ipinakikita sa Palabas na maiuugnay sa kulturang Filipino. Ang mga datos ay makokolekta sa pamamagitan ng masinsinang pagtitipon sa tema at mensahe ng Koreanong palabas nang sa ganoon ay maanalisa at makapagbigay ng malinaw at tamang interpretasyon o konklusyon.

Tampok sa kwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral na ito ang paggamit ng Diskursong Pagsusuri (DA). Ang Diskursong pagsusuri ay isang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang pag-aralan ang sinulat o sinabi na wika na may kaugnayan sa sosyal o panlipunang konsepto. Ang layunin nito ay maunawaan kung paano ginagamit ang wika sa tunay na buhay na sitwasyon. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri ng diskurso, sinusuri nito ang mga kultura, tema at mensahe na ipinakikita sa mga Koreanong palabas na maiuugnay sa kulturang Filipino. Kung gayon, ito ay may malaking tulong sa pagkilala at pagsuri sa mga kultura, tema at mensahe na ipinakikita sa mga Koreanong palabas na makikita sa kulturang Filipino (Lou, 2020).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Kaya't sa pag-aaral na ito, gagamitin ang kwalitatibong pag-aaral na nagtatampok sa diskursong pagsusuri upang makalikom ng mga estratehiya at paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang ang mga kultura,tema at mensahe na makikita o napaloob sa mga Koreanong palabas na makikita sa kulturang Filipino. Ang diskursong pagsusuri ang magbibigay daan upang maunawaan ang estruktura at ang mga salitang ginagamit na may kanya-kanyang kahulugan sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Sa tulong ng diskursong pagsusuri, maaaring suriin ng mananaliksik ang mga kultura, tema at mensahe ng mga Koreanong palabas na maiuugnay o makikita sa kulturang Filipino.

**Kagamitan sa Pag-aaral**

Ang Discourse Analysis (DA) ay nagmamasid sa mga paraan ng pakikipag-usap ng isa sa iba sa isang lipunan at ang mga salik na nakakaimpluwensya sa komunikasyong iyon. Dahil dito, isinasaalang-alang din nito ang mga uri ng pag-aaral ng nakasulat at pasalitang diskurso. Ang pagsusuri sa diskurso ay tumutukoy sa lahat ng semiotic at pragmatic na kasanayan para sa paghahatid ng isang komunikasyon. Sa isang paraan ito ay ang pagtatangka na pag-aralan ang kaugnayan sa pagitan ng wika at ng konteksto kung saan ito ginagamit, ang org. ng wika sa itaas ng antas ng pangungusap samakatuwid upang pag-aralan ang mas malalaking yunit ng lingguwistika (hal. palitan ng pag-uusap o nakasulat na mga teksto) (Stubbs,1983).

Ang diskurso ay maaaring tukuyin bilang "isang magkakaugnay na Istrukturang pangkat ng mga pangungusap" (Jurafsky & Martin, 2007). Sinasabi pa nga na ang bagong ideya ay ang pag-aaral na dapat magbigay ng kapangyarihan sa mga mag-aaral na maging kalahok sa isang diskurso: "sa halip na magsalita tungkol sa pagkuha ng kaalaman, mas gusto ng maraming tao na tingnan ang pag-aaral bilang pagiging kalahok sa isang partikular na diskurso" (Sfard, 2000).

Sa pag-aaral na ito, susuriin ang mga tema, mensahe, at ugnayang kultural ng mga piling Koreanong palabas na kinahuhumalingan ng mga Filipino, batay sa masusing pagmamasid at obserbasyon na magsisilbing materyales sa pagsusuri. Binibigyang-pansin din sa pag-aaral ang pagsusuri ng tatlong pinakapopular at matagumpay na Korean Drama mula sa Korea. Ang mga K-Drama na ito ay nakuha mula sa mga website kung saan maaaring i-download ang mga palabas. Pinili ang mga K-Drama batay sa kanilang mensahe, tema, mga pagpapahalagang matutunan, kasikatan sa mga Filipino, antas ng ratings na nakuha habang ipinalabas ang mga ito sa mga lokal na telebisyon, at mga pagkilalang natamo. Ang mga napiling Koreanong palabas ay ang Temptation of Wife, My Love from the Star, at The World of the Married.

**Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Ayon kay (Creswell, 2013) ang kwalitatibong pananaliksik ay inakailangang makakuha at makalikom ng mga datos sa sistematikong paraan upang masiguro ang kabisaan, katumpakan at ikatatagumpay ng pananaliksik. Kung kaya, susundin ng mananaliksik ang iminungkahi ni Cresswell at sisiguraduhing maisakatuparan ng maayos ang proseso ng datos. Ito ay isinasagawa gamit ang mga hakbang na inaasahan para makalikom at makakuha ng datos bago isagawa ang pagsusuri at interpretasyon ng mga resulta ng pananaliksik.

Ang mananaliksik ay gumawa ng isang deskriptibong talahanayan bilang gabay sa pagsusuri ng mga nabanggit na Koreanong palabas. Ginamit ang tematikong pagsusuri o thematic analysis upang maayos na maorganisa at mabigyan ng kahulugan ang mga nakalap na datos bilang bahagi ng layunin ng pag-aaral. Pagkatapos, pumili ang mga mananaliksik ng mga tagatugon (validator) upang suriin at tiyakin ang kredibilidad at katotohanan ng kanilang pagsusuri. Gamit ang purposive sampling, pinili ang tatlong eksperto sa larangan ng pagsusuri ng pelikula at panitikan. Ang mga napiling tagatugon ay itinuturing na mga dalubhasa sa pag-aaral ng panitikan at may karanasan sa pagsusuri ng pelikula. Pinili sila batay sa kanilang kaalaman, kakayahan, karanasan sa pagtuturo ng panitikan, at oras na maaaring ilaan para sa panonood ng mga pelikula at pagsagot sa mga tanong kaugnay ng layunin at suliranin ng pag-aaral.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Ang lahat ng datos sa pag-aaral na ito ay makakalap at makokolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa sa mga tema at mensahel sa mga piling koreanong palabas na kinahuhumalingan ng mga Filipino awdiyens.

Sa pananaliksik na ito, ang layunin ay tukuyin ang mga kulturang Koreano na naipapakita sa mga piling Korean drama at ang mga salik-kultural na nagiging sanhi ng pagkahumaling ng mga Pilipino sa mga ito. Upang makamit ang mga layuning ito, ang Qualitative Data Analysis (QDA) ang ginamit na pamamaraan sa pag-aanalisa ng datos.

Ang unang hakbang sa pagsusuri ay ang pagtukoy sa yunit ng pag-aanalisa, na nakatuon sa mga mensahe at tema mula sa mga piling K-Drama na nakakaakit sa mga Pilipino. Sa prosesong ito, ang mga diyalogo, simbolismo, at mga situwasyong kultural sa mga palabas ay susuriin upang matukoy ang mga pangunahing mensahe na isinasalaysay sa mga ito. Ang balangkas ni Teun A. van Dijk (1980) para sa Critical Discourse Analysis ay gagamitin upang masusing masuri ang mga diskurso sa mga K-Drama, tinitingnan ang ugnayan ng wika, kapangyarihan, at kultura.

Ang mga datos ay kokolektahin mula sa masusing pag-aanalisa ng mga tema at mensahe sa mga piling K-Drama, tulad ng "The World of the Married," "Temptation of Wife," at "My Love from the Star." Ang proseso ng pag-aanalisa ay isasagawa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga kategorya na nakatuon sa mga kulturang ipinapahayag, tulad ng mga pamahiin, tradisyon, at kaugalian na kahalintulad sa kulturang Pilipino.

Sa pagsusuring ito, ang mga mananaliksik ay naglalayong makuha ang kabuuan ng kultural na konteksto at mga salik na nagiging dahilan ng pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean drama. Ang pag-unawa sa mga temang ito ay mahalaga hindi lamang para sa pagkilala sa mga impluwensyang kultural kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kaalaman ukol sa mga pagbabago sa kultural na pananaw ng mga Pilipino sa harap ng patuloy na pag-usbong ng Hallyu. Sa huli, inaasahang ang mga

natuklasan mula sa pagsusuri ay makatutulong sa mga susunod na pag-aaral na tumutukoy sa epekto ng Korean Wave sa lokal na kultura at identidad.

Pagtitiwala sa Kawastuhan ng Pag-aaral
Upang matugunan ang kredibilidad sa kwalitatibong pananaliksik na ito, ang pagtitiwala sa kawastuhan ng pag-aaral ay pahahalagahan ng mananaliksik. Ayon kina Lincoln at Guba (1985) na binanggit ni Shenton (2004), ang pagtitiwala sa kawastuhan ay kinabibilangan ng apat na krayterya na nangangailangang pagtuonan ng pansin. Una, halaga sa katotohanan para sa kredibilidad, ikalawa pagiging akma para sa paglilipat, ikatlo hindi pagbabago para sa pagkamaasahan at ang panghuli neutralidad para sa pagpapatunay.

Ang kredibilidad ay tumutukoy sa pagiging mapagkakatiwalaan at mapagkakatiwalaan ng mga natuklasan sa pananaliksik. Ito ay naglalaman ng pagtatatag ng katotohanan at katunayan ng mga datos, pagsusuri, at interpretasyon. Upang tiyakin ang kredibilidad, dapat gamitin ng mga mananaliksik ang mga mahigpit na paraan ng pagkolekta ng datos, panatilihing transparent ang proseso ng pananaliksik, at itatag ang pagiging reflexive ng mananaliksik (Lincoln at Guba, 1985).

Ang pagpapanatiling mapagkakatiwalaan sa kwalitatibong pananaliksik ay nangangailangan ng ilang konkretong hakbang. Isa sa mga hakbang na ito ay ang triangulation, na kung saan ginagamit ang iba't ibang mga pinagmulang datos, paraan, o perspektiba upang patunayan ang mga natuklasan. Ang pamamaraang ito ay nakakatulong sa pagtatatag ng konsistensiya at katatagan ng mga resulta. Bukod dito, magiging reflexive ang mananaliksik para sa kredibilidad. Ang mananaliksik ay magpapamalas ng pagmumuni-muni sa kaniyang mga bias, mga pag-aakala, at mga halaga na maaaring makaapekto sa proseso at mga natuklasan sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng pagkilala at pag-address sa mga bias na ito, maaaring mapabuti ng mananaliksik ang transparensya at kredibilidad ng kanilang trabaho.

Ang kumpirmabilidad ay tumutukoy sa kawastuhan at neutralidad ng mga natuklasan sa pananaliksik. Ito ay nakatuon sa antas ng pagkakabatay ng mga natuklasan sa mga datos kaysa sa impluwensya ng mga personal na bias o preconceptions ng mananaliksik. Dapat magtala ng mga talaan ng mga desisyon, dokumento ng mga proseso ng pagpapasya, at mag-encourage ng peer debriefing ang mga mananaliksik upang mapabuti ang kumpirmabilidad (Barrett et al., 2002).
Ang kumpirmabilidad, ay maaaring matugunan din sa pamamagitan ng konkretong hakbang. Ang reflexivity ay naglalaro ng mahalagang papel dito. Dapat magdokumento ang mga mananaliksik ng kanilang mga bias, mga pag-aakala, at mga proseso ng paggawa ng desisyon upang mapabuti ang kumpirmabilidad ng mga natuklasan. Ang ganitong praktis ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa at mga reviewer na maunawaan ang perspektiba ng mananaliksik at ang posibleng impluwensya sa pananaliksik.

Ang kakayahan sa paglilipat o transperabilidad ay tumutukoy sa antas ng pagiging aplikable o mapapalawak ng mga natuklasan sa iba pang mga konteksto o kalagayan. Ito ay naglalaman ng pagbibigay ng malalim at detalyadong paglalarawan ng konteksto ng pananaliksik, mga kalahok, at mga paraan upang mapahusay ang kakayahang suriin ng mga mambabasa ang kahalagahan ng mga natuklasan sa kanilang sariling sitwasyon (Morse, 2015)

Upang tugunan ang kakayahan sa paglilipat, maaaring gamitin ng mananaliksik ang mga tiyak na hakbang. Isa sa mga hakbang na ito ay ang pagbibigay ng malalim na paglalarawan ng konteksto ng pananaliksik at mga paraan. Ang mga detalyadong paglalarawan na ito ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa na suriin ang aplikabilidad at kahalagahan ng mga natuklasan sa iba pang mga konteksto. Bukod dito, dapat maingat na piliin ng mananaliksik ang mga kinakailangan na datos upang maging malinaw at maayos ang magiging resulta nito.

Ang pagkamaasahan ay tumutukoy sa katatagan at konsistensiya ng mga natuklasan sa pananaliksik sa paglipas ng panahon. Ito ay naglalaman ng pagdokumento at pagtiyak ng pagiging transparent ng proseso ng pananaliksik, kasama ang mga paraan ng pagkolekta, pagsusuri, at interpretasyon ng datos. Dapat magtatag ng malinaw na mga protocol at pamamaraan ang mga mananaliksik upang mapabuti ang dependability ng kanilang pananaliksik (Lincoln at Guba, 1994).

Ang pagkamaasahan ay maaari ding makamit sa pamamagitan ng konkretong hakbang. Isa sa mahalagang hakbang ay ang pagpapanatili ng isang audit trail, na kung saan kasama ang detalyadong talaan ng proseso ng pananaliksik, kasama ang pagkolekta ng datos, pagsusuri, at interpretasyon. Ang transparensiyang ito ay nagbibigay-daan para maibalik at ma-verify ng iba ang pananaliksik, na nagpapataas ng dependability. Ang peer debriefing ay isa pang hakbang na maaaring gamitin. Sa pamamagitan ng paghingi ng input at feedback mula sa ibang mga mananaliksik o mga eksperto sa larangan, maaaring matiyak ng mga mananaliksik na ang kanilang mga interpretasyon at konklusyon ay maaasahan at may matibay na batayan.

## RESULTA
Sa bahaging ito, ipinakikita ang pagsasalin sa Filipino ng interpretasyon ng mga datos na nakolekta mula sa isang pagsusuri ng ugnayan ng kulturang Koreano sa kultura ng mga Pilipino na makikita sa K-Drama at maging sa salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama na patuloy na kinahuhumalingan ng mga Pilipinong awdiyens. Pinili ng mga mananaliksik na suriin ang tatlong Koreanong palabas, kabilang ang The World of the Married, Temptation of Wife, at My Love from the Star. Ang pagsusuri sa tatlong K-Drama ay ibinase sa mga teoryang Media Dependency, Cultural Proximity, at Intercultural Transformation. Ang pagsusuri na ito ay nakaangkla sa pagsusuri nina Gilbert C. Galit, Edrian A. Pangilinan, at Ryan C. Panis (2021) at ang pagsusuring ito rin ay nakabatay sa ilang mga literatura na naging susi o naging batayan upang mabuo ang mga datos na maghahatid ng makabuluhang pagsusuri. Ang pag-aaral na ito ay sinuportahan ng mga teoryang nagsilbing gabay upang makagawa ng isang makabuluhang pagsusuri. Ang paggawa at pangangalap ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

datos na gagamitin bilang korpora ay nakasentro at nakabatay sa mga katanungan sa pananaliksik, na naglalayong ipakita ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng kulturang Koreano at Pilipino. Sa huli, ang pagsusuring ito ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng mga K-Drama sa paghubog ng mga pananaw at paniniwala ng mga Pilipino sa makabagong panahon. Mahalaga ring isaalang-alang ang epekto ng mga representasyon sa media sa pagkilala at pagtanggap ng mga Pilipino sa mga tradisyon at kaugalian ng ibang lahi, na nagpapakita ng pagbubukas ng isipan ng mga manonood sa mas malawak na kultural na konteksto.

1. Ano-ano ang mga kulturang Koreano na ipinakikita sa mga piling Korean Drama na makikita sa kulturang Pilipino?
2. Ano ang mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa panonood ng Korean Drama?

**Talahanayan1**
**Kulturang Koreano na makikita sa kulturang Filipino**

| ***MGA KULTURA*** | ***MGA KOREAN DRAMA*** | | |
|---|---|---|---|
| | ***The World of the Married*** | ***Temptation of Wife*** | ***My Love from the Star*** |
| | ***MATERYAL*** | | |
| ***Kasangkapan*** | • Tradisyonal na mga lutuing Koreano tulad ng kimchi at iba't ibang banchan (side dishes) ay malamang na itinatampok, na nagpakita ng pang-araw-araw na gawi sa pagkain ng mga Koreano na maaaring makaugnay sa hilig ng mga Pilipino sa iba't iba at sama-samang side dishes tulad ng atchara (pinaasim na papaya).<br>- Ang drama ay maaari ding magpakita ng impluwensyang Kanluran sa pagkain ng Koreano, tulad ng pagkakaroon ng pasta o tinapay, na sumasalamin sa pagkakahawig ng ilang pagkain ng Pilipino. | • Ang pagtuon sa mga pagkain ng pamilya ay maaaring magdala ng mga karaniwang pagkaing Koreano sa unahan, tulad ng juk (lugaw na bigas) o guk (mga sabaw), na katulad ng arroz caldo at sinigang ng Pilipino, na nagbibigay-diin sa aspekto ng comfort food na karaniwan sa parehong kultura.<br>• Ang mga eksena na may kinalaman sa pagkain ay maaari ding magbigay-diin sa mga pagkaing-dagat, isang pangunahing pagkain sa parehong diyeta ng Koreano at Pilipino, na may mga lutuin tulad ng inihaw na isda o mga sabaw na pagkaing-dagat. | • Natatangi sa dramang ito ang kagustuhan ng karakter na alien sa pritong manok at serbesa (chimaek), isang sikat na kumbinasyon sa Korea na nakakuha ng popularidad sa Pilipinas sa mga mas nakababatang henerasyon.<br>• Mga matatamis na putahing Koreano tulad ng bingsu (shaved ice dessert) ay maaaring itampok, na katulad ng haluhalo ng Pilipino, na nagpapakita ng isang ibinahaging pagmamahal sa matatamis, malamig na panghimagas sa mainit na klima.<br>• Ang mga mararangyang setting ng drama ay maaaring magpakilala ng mas pinong lutuing Koreano, na nag-aalok ng isang sulyap sa masarap na panig na maaaring hindi gaanong pamilyar ngunit kawili-wili sa mga manonood na Pilipino. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***Pagkain*** | • Pagluluto at pagkain ng kanin bilang pangunahing bahagi ng bawat pagkain, katulad ng kahalagahan ng kanin sa Pilipinas.<br>• Pagluluto at pagkain ng inihaw na karne, na nagpapakita ng impluwensyang Kanluranin na sinasalamin din sa mga Pilipinong pagdiriwang at salo-salo.<br>• Pagluluto ng juk (Korean rice porridge), na katumbas ng lugaw sa Pilipinas, bilang pagkain para sa may sakit o kapag malamig ang panahon.<br>• Pagpapakita ng kimchi at iba pang binurong pagkain na bahagi ng araw-araw na kainan sa Korea, na may pagkakatulad sa mga binurong pagkain sa Pilipinas tulad ng burong isda. | • Pagkain ng kanin sa bawat kainan bilang sentro ng pagtitipon, nagpapakita ng pagkakapareho sa kultura ng Pilipinas kung saan kanin din ang pangunahing pagkain.<br>• Pagluluto at pagkain ng inihaw na baboy sa mga espesyal na okasyon, katulad ng ginagawa sa mga pista sa Pilipinas.<br>• Pagluluto ng juk o lugaw sa mga eksena kung saan may maysakit, ipinapakita ang kahalagahan ng pag-aalaga sa pamamagitan ng pagkain.<br>• Mga eksena ng pagkain ng kimchi at iba pang mga binurong gulay, na nagpapakita ng tradisyonal na Koreanong pagkain na maaaring ikumpara sa pagkain ng atchara sa Pilipinas. | • Pagkain ng kanin bilang pangunahing pagkain, ipinapakita ang unibersal na papel nito sa mga Asyanong kultura.<br>• Pagluluto at pagkain ng inihaw na baboy o barbecue, isang popular na aktibidad sa parehong Koreano at Pilipinong mga pamilya at pagtitipon.<br>• Pagluluto ng lugaw bilang comfort food, lalo na sa panahon ng pagkakasakit, na isang karaniwang gawain sa maraming kulturang Asyano.<br>• Pagtangkilik sa mga binurong pagkain gaya ng kimchi, na maaaring ikumpara sa hilig ng mga Pilipino sa binurong hipon na alamang. |
| | DI-MATERYAL | | |
| ***Kaugalian*** | • Ipinapakita ang kumplikadong dinamika ng pamilya, kasama ang pagtataksil at ang epekto nito sa mga miyembro ng pamilya, na sumasalamin sa kahalagahan ng pagkakaisa ng pamilya na nakikita sa kulturang Pilipino.<br>• Binibigyang diin ang tungkulin ng | • Tumutuon sa pagtataksil at paghihiganti sa loob ng setting ng pamilya, na nagpapakita ng mga temang katapatan at pagtataksil na malalim na nakikisama sa mga halagang Pilipino ng katapatan sa pamilya.<br>• Ipinapakita ang muling pagtatayo ng tiwala at mga relasyon sa | • Nagtatampok ng isang dayuhan na sumasanib sa lipunang tao, na nagbibigay-diin sa mga temang pagtanggap at pag-unawa sa iba't ibang pinagmulan, sumasalamin sa mga halagang Pilipino ng pagkamaaasikaso at pagiging inklusibo.<br>• Ang mga protektibong aksyon ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | tunggalian sa loob ng isang pamilya at ang panlipunang inaasahan na panatilihin ang fachada ng isang perpektong pamilya, isang presyon na ramdam din sa lipunang Pilipino.<br>• Sinisiyasat ang mga kahihinatnan ng mga gawaing pangangalunya, na tumutuon sa mga moral at panlipunang dilema na kinakaharap ng mga tauhan, katulad ng malakas na stigmatization ng mga isyung ito sa moral na tanawin ng Pilipinas.<br>• Hinahamon ng drama ang mga manonood na isaalang-alang ang kumplikadong ugnayan at ang mga kulay-abong lugar sa mga paghuhukom na moral, katulad ng mga diskusyon sa mga kontekstong Pilipino tungkol sa katapatan at kasal.<br>• Ang desisyon ng pangunahing tauhan na harapin ang pagtataksil ng kanyang asawa nang harapan ay nagpapakita ng katapangan sa harap ng panlipunang paghusga, na nagbibigay inspirasyon sa mga manonood sa katulad na konserbatibong | pamilya, na naaayon sa diin ng Pilipino sa muling pagkakasundo at kapatawaran sa pamilya.<br>• Ang pangunahing tema ng pagtataksil at ang kahihinatnan nito ay tinalakay, na umaalingawngaw sa mga manonood na Pilipino na pamilyar sa mga naratibo ng telenobela ng ipinagbabawal na pag-ibig at redempsyon.<br>• Binibigyang-diin nito ang katatagan na kinakailangan upang malampasan ang personal na pagtataksil, na sumasalamin sa halagang Pilipino ng "pagbangon" o pag-ahon mula sa kahirapan.<br>• Ipinapakita ang paglalakbay ng protagonista sa sariling pagpapalakas at vindikasyon, na kumakatawan sa arketype ng "bida-kontrabida" na karaniwan sa mga dramang Pilipino, kung saan kailangang harapin ng bida ang maraming hamon. | protagonista sa mga taong kanyang pinahahalagahan ay kaugnay ng mga katangiang Pilipino ng proteksiyon sa pamilya at sakripisyo.<br>• Binibigyang-diin ang ideya ng walang kondisyong pag-ibig at paglampas sa malalaking hadlang para sa pag-ibig, mga temang laganap sa mga romantikong drama sa Pilipinas.<br>• Ipinapakita ang isang kwentong pag-ibig na cross-cultural (at kosmiko), na hinikayat ang mga Pilipino na pahalagahan ang mga unibersal na tema ng pag-ibig na lumalampas sa mga pamantayang panlipunan.<br>• Nagtatampok ng mga hamong di-pangkaraniwan na nangangailangan ng katapangan at adaptasyon, na maaaring ihalintulad sa mga naratibong Pilipino kung saan madalas harapin at malampasan ng mga tauhan ang mga supernatural o pambihirang mga hamon. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | kultura tulad ng Pilipinas upang ipaglaban ang personal na katotohanan at katarungan. | | |
| ***Tradisyon*** | • Sa mga bihirang eksena ng kasal, ipinakita ang pormal at tradisyonal na seremonya ng kasal sa Korea, kung saan ang hanbok ay isinusuot sa mga seremonyang pre-wedding. Ipinapakita nito ang pagpapahalaga sa kasal bilang sagradong sakramento, na sumasalamin sa malalim na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kasal.<br>• -Sa mga episodikong pagtitipon para sa pag-alala sa mga yumao, ipinapakita ang seremonyal na pagtitipon sa bahay o sa espesyal na lugar, na nagpapahiwatig ng paggalang at pagdalamhati, katulad ng tradisyon sa Pilipinas. | • Ang kasal sa drama ay nagsisilbing sentro ng mga pangunahing kontrahan. Ang mga tauhan ay madalas na nakasuot ng puting damit-pangkasal na sumisimbolo sa modernong impluwensyang Kanluranin, habang pinapanatili ang mga elementong tradisyonal na tulad ng mga panalangin at basbas, na kahalintulad ng tradisyon sa Pilipinas.<br>• -Ang mga eksena ng pagdalaw sa libingan at pag-aalay ng bulaklak at panalangin ay nagpapakita ng pagbibigay ng mataas na respeto sa mga yumao, isang pangkaraniwang tradisyon sa Pilipinas na nagpapahalaga sa pamilya at mga ninuno. | • Ang mga eksena ng kasal at iba pang pagtitipon ay nagtatampok ng kontemporaryong estilo, kung saan ang Western-style na damit ay nangingibabaw. Ito ay sumasalamin sa pagbabago ng mga ritwal ng kasal na naaayon sa mga urbanisadong Pilipino.<br>• -Bagama't hindi ito isang pangunahing tema, ang paghahanda ng pagkain para sa mga yumao sa mga mahahalagang eksena ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga pumanaw, isang tradisyon na malapit din sa puso ng mga Pilipino. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Paniniwala** | • Ang drama ay nagpapakita ng paniniwala sa kapalaran sa mga relasyon sa pamamagitan ng mga masalimuot na plot twists kung saan ang mga pangyayari at katauhan ay tila magkakaugnay sa hindi inaasahang paraan. Ito ay sumasalamin sa paniniwala ng maraming Pilipino sa "tadhana" na may mahalagang papel sa paghubog ng mga personal na ugnayan at relasyon.<br>• Ang mga tauhan sa "The World of the Married" ay kadalasang ipinapakita na nasa mataas na posisyon sa lipunan at propesyonal na larangan, na nagpapakita ng mataas na pagpapahalaga sa edukasyon. Ito ay sumasalamin sa kultural na paniniwala ng mga Koreano at Pilipino na ang edukasyon ay susi sa personal na tagumpay at pag-unlad.<br>• Bagamat hindi palaging sentro ng kwento, ang respeto sa nakatatanda ay ipinapakita sa mga pormal na pagtitipon at sa pakikitungo sa mas matatandang mga karakter, na isang mahalagang bahagi ng | • Ang paniniwala sa karmic justice o gantimpala at parusa sa mga gawain ng bawat isa ay isang mahalagang tema sa "Temptation of Wife." Ang mga paghihirap at tagumpay ng bida ay nagpapakita ng paniniwala sa karma, na makikita rin sa mga Pilipinong paniniwala sa "gaba" o ang pagbabalik ng mga gawa, mabuti man o masama, sa gumawa.<br>• Ang edukasyon at personal na pag-unlad ng mga tauhan, lalo na ang protagonista, ay central sa storyline, kung saan ang kanyang pagpupursige at pag-aaral ay nagbunga ng tagumpay laban sa mga kalaban. Ang paniniwala na ito ay resonates sa maraming Pilipino na naniniwala sa kapangyarihan ng edukasyon bilang daan patungo sa isang mas magandang buhay.<br>• Ang paggalang at pagbibigay ng respeto sa nakatatanda, lalo na sa mga magulang at mga nakatataas sa lipunan, ay madalas na tema sa mga eksena, na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga nakatatanda bilang isang pundasyon ng kulturang Asyano, | • Sa "My Love from the Star," ang konsepto ng predestined love, kung saan ang dalawang tauhan mula sa magkaibang mundo ay itinadhana upang maging magkasama, ay malinaw na ipinapakita. Ito ay kahalintulad ng Pilipinong paniniwala sa "red string of fate" kung saan ang mga tao ay predestined na maging magkasama batay sa invisible ties na itinalaga ng tadhana.<br>• Ang paniniwala sa karunungan bilang mahalagang kasangkapan sa pagharap sa mga hindi pangkaraniwang hamon ay ipinapakita sa drama. Ang karakter na alien ay gumagamit ng kanyang advanced na kaalaman at teknolohiya upang mag-navigate sa mundo ng tao, na sumasalamin sa paniniwala na ang kaalaman ay makapangyarihan at mahalaga sa survival at integration.<br>• Ang mga eksenang nagpapakita ng respeto sa mga guro at iba pang autoridad ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggalang sa mga mas nakakatanda at sa mga may kaalaman, isang paniniwala na malalim na |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | kulturang Koreano at Pilipino. | kabilang ang Pilipinas. | nakaugat sa Pilipinas bilang bahagi ng pagpapahalaga sa pamilya at komunidad. |
| ***Pamahiin*** | • Ang masamang kapalaran dahil sa pagtataksil ay ipinapakita bilang isang modernong interpretasyon ng pamahiin na ang masasamang gawain ay magdudulot ng masamang karma, na may kaugnayan sa Pilipinong pamahiin na ang pagtataksil ay magdudulot ng malas sa buhay ng tao.<br>• Ang implikasyon ng masamang espiritu na maaaring magdulot ng karagdagang trahedya sa pamilya, kung saan ang mga ritwal at dasal ay isinasagawa upang siguruhing mapayapa ang kaluluwa ng yumao, na katulad ng mga Pilipinong pamahiin.<br>• Ang mga simpleng pamahiin tulad ng pag-iwas sa pagbibigay ng sapatos bilang regalo na maaaring magdulot ng | • Ang implikasyon na ang relasyon na nagsimula sa hindi tapat na paraan ay magdudulot ng malas o kapahamakan, ayon sa paniniwala sa karma, na katulad ng pamahiin sa Pilipinas.<br>• Ang mga dramatikong eksena ng paghihiganti at pagkakasundo ay maaaring may bahid ng pamahiin sa karma at pagbabayad-sala, na mga konsepto na malalim din ang ugat sa kultura ng Pilipinas.<br>• -Ang pagtapon ng asin sa ibabaw ng balikat para iwasan ang malas o upang palayasin ang masamang espiritu, na kapareho ng mga gawain sa Pilipinas para magtaboy ng malas. | • Ang paniniwala na ang mga bituin ay maaaring magdala ng kapalaran o tadhana, katulad ng pamahiin sa Pilipinas na ang mga tao ay humihiling sa mga bituin para sa magandang kapalaran o upang matupad ang mga hiling.<br>• Ang pagkakaroon ng extraterrestrial na tauhan ay maaaring magdala ng mga pamahiin tungkol sa ibang nilalang na may kakaibang kapangyarihan, na maaaring iugnay sa mga Pilipinong pamahiin sa mga diwata at engkanto.<br>• Ang pagtingin sa mga bituin at ang paghiling dito, na nagpapakita ng pamahiin na ang mga tala ay may kapangyarihang magdulot ng mabuti o masamang kapalaran, isang paniniwala na malapit din sa mga Pilipinong pamahiin sa astrolohiya at mga bituin.. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | paglayo ng taong regaluhan, ay sumasalamin sa mga Pilipinong pamahiin tulad ng pag-iwas sa pagwawalis sa gabi upang hindi mawala ang suwerte. | | |

**Inilalahad sa talahanayan 1** ang mga kulturang Koreano na makikita sa kulturang Pilipino. Lumutang sa pagsusuri na ang ilan sa mga kultura ng mga Koreano gaya ng kasangkapan, kaugalian, tradisyon, paniniwala at pamahiin ay kahalintulad sa kultura ng mga Pilipino.

**Kasangkapan**

Sa pagsusuring isinagawa sa tatlong [3] Korean drama—"The World of the Married," "Temptation of Wife," at "My Love from the Star"—lumabas na ang paggamit ng mga tradisyonal na kasangkapan sa pagluluto ay isang mahalagang elemento na bumibigkis sa kultural na pagkakakilanlan ng mga Koreano, na may mga kahalintulad na aspeto sa kulturang Filipino. Partikular sa "The World of the Married," naipakita ang paggamit ng mga ceramic na kasangkapan sa paghahanda ng kimchi at iba't ibang banchan, na katumbas ng paggamit ng palayok sa Pilipinas para sa pagluluto ng mga tradisyonal na lutuin tulad ng paksiw at pakbet. Ang ganitong uri ng pagluluto ay hindi lamang nagpapahayag ng mga kasanayang pangkusina kundi nagtataguyod din ng pagpapahalaga sa mga lumang paraan ng pagluluto na nagpapanatili ng lasa at nutrisyon. Sa "Temptation of Wife,"ang pagtuon sa mga lutuing nakapagbibigay ginhawa tulad ng juk at guk ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkain bilang isang paraan ng pag-aalaga at pagbibigay ng kaginhawaan, na katulad din ng papel ng arroz caldo at sinigang sa kulturang Pilipino. Ang paghahanda at pagkain ng mga ito sa pamilya ay sumasalamin sa mga gawing panlipunan na nagtataguyod ng pagkakaisa at mainit na pakikipag-ugnayan sa loob ng pamilya.

Samantala, sa "My Love from the Star," ang natatanging kagustuhan ng karakter na alien sa kombinasyong pritong manok at serbesa—na kilala bilang chimaek sa Korea—ay sumasalamin sa mga makabagong trend sa pagkain na tumatawid ng kultura at nagiging popular din sa ibang bansa tulad ng Pilipinas. Ang pag-angkop at pagyakap sa ganitong uri ng kainan ay nagpapakita ng pagiging bukas ng mga Pilipino sa pagtanggap ng mga impluwensyang kultural mula sa ibang bansa, na sumasalamin sa globalisasyong kultural sa aspeto ng pagkain. Bilang sipnosis, ang mga kasangkapan at kagamitang ginamit sa kusina sa mga nasabing drama ay hindi lamang basta bahagi ng set kundi mahalagang elemento rin na nagpapakita ng mga yaman ng kulturang kinabibilangan ng mga karakter. Ang mga ito ay nagsisilbi ring tulay para sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga ng mga manonood sa kanilang sariling mga tradisyon at kultura sa pagluluto at pagkain.

**Pagkain**

Sa pagsusuri ng mga pagkaing ipinapakita sa mga Korean drama na "The World of the Married," "Temptation of Wife," at "My Love from the Star," lumabas na ang mga gawi sa pagkain ng mga Koreano ay may makabuluhang pagkakatulad sa kulturang Filipino. Karaniwan sa mga hapag-kainan ng mga Koreano ang kanin, isang pangunahing elemento rin sa bawat pagkain ng mga Pilipino. Bukod dito, kapwa rin mahilig ang mga Koreano at Pilipino sa mga inihaw na pagkain, gaya ng Korean barbecue o samgyeopsal, na kahalintulad ng pagkahilig ng mga Pilipino sa iba't ibang uri ng inihaw.

Karaniwan din ang paggamit ng mga binurong pagkain sa mga lutuin ng Korea, tulad ng kimchi, na nagsisilbing mahalagang sangkap sa kanilang araw-araw na pagkain. Ito ay katulad ng paggamit ng mga Pilipino sa mga binurong pagkain tulad ng bagoong at atchara upang dagdagan ng lasa ang kanilang mga pagkain. Isa pa sa mga natatanging putahe na nabanggit sa mga drama ay ang Samgyetang, isang sopas na may sangkap na manok at ginseng, na ihinahain bilang pampalakas at comfort food, lalo na sa malamig na panahon. Ito ay may pagkakahawig sa tinolang manok ng mga Pilipino, na parehong may sabaw at gulay, ngunit may idinagdag na ginseng na nagbibigay dito ng natatanging lasa at mga benepisyong pangkalusugan.

Ang mga kultural na pagkakatulad na ito ay hindi lamang sumasalamin sa mga pagkain mismo kundi pati na rin sa mga kultural na gawi at tradisyon na nakapaloob sa paghahanda at pagkonsumo ng mga pagkaing ito, na nagpapakita ng malalim na koneksyon at pagpapahalaga sa pamilya at komunidad sa parehong mga bansa.

**Kaugalian**

Sa mga natuklasan mula sa pagsusuri ng tatlong kilalang Korean dramas—The World of the Married, Temptation of Wife, at My Love from the Star—ay malinaw na ipinapakita ang malalim na pagsasalamin at pagkakahalintulad sa mga kultural na elemento at temang moral na nakapaloob sa mga naratibo nito na may kahalintulad din sa kulturang Pilipino.

Ang temang ipinakita sa The World of the Married ay kumplikado at malalim, kung saan tinalakay ang dinamika ng pamilyang may kasamang pagtataksil at kung paano ito nakakaapekto sa bawat miyembro. Ang kaguluhan sa pamilya at ang presyur na ipakita ang isang perpektong imahe sa lipunan ay malapit sa konteksto ng pamilyang Pilipino na kadalasang nagpapahalaga sa pagkakaisa at pagiging perpekto sa mata ng iba. Ang mga ganitong dramatikong eksena ay nagbibigay-diin sa mahalagang aral tungkol sa katapatan at kahihinatnan ng pagkakanulo, na labis na pinahahalagahan sa konserbatibong kultura ng Pilipinas.

Sa kabilang banda, Temptation of Wife ay umiikot din sa tema ng pagtataksil at ang muling pagtatayo ng tiwala, na kung saan ay nagbibigay diin sa kapatawaran at pagpapanibago, na mahalaga rin sa kulturang Pilipino. Ang mga tauhan sa drama na humarap sa mga pagsubok at sa huli ay natutong magpatawad ay nagpapakita ng mga aral na sumasalamin sa halagang Pilipino ng pagbangon at pagsisimula muli.

**My Love from the Star**
naman ay nagtatampok ng pag-ibig na hindi pangkaraniwan—pag-ibig sa pagitan ng isang alien at isang tao. Ito ay sumasalamin sa pagiging bukas at pagtanggap ng kulturang Pilipino sa iba't ibang uri ng pag-ibig, kahit na ito ay kakaiba o hindi tipikal. Ang drama ay nagbibigay-diin sa pagmamahal na walang kondisyon at ang paglampas sa mga hadlang para sa pag-ibig, isang tema na labis na pinapahalagahan sa romantikong kultura ng Pilipinas.

Sa pangkalahatan, ang mga Korean drama na ito ay hindi lamang nagbibigay-aliw kundi nagbibigay rin ng mahahalagang aral na maaaring makatulong sa pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling kultura at sa mga aral na maaaring makukuha mula sa ibang kultura. Ang pagsasama-sama ng mga temang ito sa isang naratibo ay nagpapakita ng kahalagahan ng pamilya, katapatan, kapatawaran, at walang kondisyong pag-ibig na parehong pinahahalagahan sa mga kulturang Koreano at Pilipino.

**Tradisyon**
Sa mga napag-aralang Korean Dramas, kapansin-pansin ang pagtatampok ng mga tradisyonal at kontemporaryong seremonya na may malalim na pagkakahalintulad sa mga kulturang Pilipino, lalo na sa mga aspekto ng kasal at pag-alala sa mga yumao.

Tradisyon ng Kasal Sa The World of the Married, ang tradisyonal na kasuotang Hanbok sa mga seremonya ng kasal ay nagpapakita ng paggalang sa mga ugat ng kulturang Koreano, na kahalintulad sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kasal bilang isang sagradong sakramento. Ang pagpapanatili ng mga ritwal na ito sa modernong konteksto ay sumasalamin sa kahalagahan ng pag-uugnay ng kasalukuyan sa nakaraan, isang sentimyento na malalim ding nakaugat sa pamilyang Pilipino.

Sa Temptation of Wife, ang pagsusuot ng puting damit-pangkasal ay simbolo ng modernong impluwensyang Kanluranin, ngunit ang pagpapanatili ng mga tradisyonal na elemento tulad ng mga panalangin at basbas ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga tradisyon na parehong mahalaga sa kulturang Pilipino. Ang mga eksena sa kasal ay nagsisilbing sentro ng dramatiko at emosyonal na mga yugto, na kung saan ang mga tauhan ay nahaharap sa mahihirap na desisyon— isang tema na madalas ring tuklasin sa mga Pilipinong drama.

**Tradisyon ng Pag-alala sa mga Yumao**
Sa My Love from the Star, bagaman ang kasal at mga pagtitipon ay nagtatampok ng kontemporaryong estilo, ang tradisyon ng paghahanda ng pagkain para sa mga yumao ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga pumanaw, na kung saan ay malapit din sa puso ng mga Pilipino. Ang ganitong mga eksena ay nagpapaalala sa mga manonood ng kahalagahan ng pamilya at mga ninuno sa kanilang buhay.

Ang pagkakapareho sa pagitan ng mga tradisyon ng Koreano at Pilipino ay maaaring magbigay ng mga aral at inspirasyon sa mga manonood. Ang mga dramang ito ay hindi lamang nagbibigay ng kaalaman sa kulturang Koreano, ngunit nagpapalawak din ng pang-unawa sa mga pagkakapareho sa kulturang Pilipino, lalo na sa pagpapahalaga sa pamilya, kasal, at paggalang sa mga yumao.

Ang pagkilala at pagpapahalaga sa mga tradisyong ito ay nagpapatibay ng koneksyon sa pagitan ng dalawang kultura, na nagpapahintulot sa mga Pilipinong manonood na makita ang pagkakapareho sa kanilang mga sariling tradisyon at kulturang sinusubaybayan nila sa mga Korean dramas. Ito rin ay isang paalala na kahit sa modernong panahon, ang mga tradisyon—lalo na iyong nagpapahalaga sa pamilya at relasyon—ay mananatiling mahalaga at may kahalagahan sa lipunan.

**Paniniwala**
Sa mga dramang Koreanong ito, kapansin-pansin ang pagtatampok ng iba't ibang paniniwala na makikita rin sa kulturang Pilipino. Ang mga tema ng tadhana, edukasyon, respeto sa nakatatanda, at karma ay ilan lamang sa mga aspektong nag-uugnay sa mga manonood ng dalawang kultura.

**Paniniwala sa Tadhana at Predestined Love**
Sa The World of the Married, ang komplikadong ugnayan at masalimuot na plot twists ay sumasalamin sa paniniwala sa tadhana. Ito ay katulad ng paniniwala ng mga Pilipino na ang "tadhana" ay mahalagang bahagi ng paghubog ng mga personal na relasyon. Sa kabilang banda, ang My Love from the Star ay nagpapakita ng predestined love, kung saan ang mga pangunahing tauhan mula sa magkaibang mundo ay itinadhana upang maging magkasama, na kaugnay ng Pilipinong paniniwala sa "red string of fate."

**Edukasyon at Personal na Pag-unlad**
Ang mga tauhan sa The World of the Married at Temptation of Wife ay madalas na ipinapakita na nasa mataas na posisyon sa lipunan at larangan ng propesyon, na nagpapakita ng mataas na pagpapahalaga sa edukasyon. Ito ay sumasalamin sa paniniwala ng mga Koreano at Pilipino na ang edukasyon ay susi sa personal na tagumpay at pag-unlad. Sa Temptation of Wife, ang edukasyon at personal na pagsisikap ng protagonista ay nagbunga ng tagumpay, na umaalingawngaw sa paniniwala ng maraming Pilipino sa kapangyarihan ng edukasyon bilang daan patungo sa isang mas magandang buhay.

**Respeto sa Nakatatanda**
Ang pagpapakita ng respeto sa mga nakatatanda, isang mahalagang bahagi ng kulturang Koreano at Pilipino, ay malinaw na ipinapakita sa lahat ng tatlong dramas. Ang mga pormal na pagtitipon at ang pakikitungo sa mas matatandang mga karakter sa The World of the Married at Temptation of Wife ay nagpapakita ng mataas na pagpapahalaga sa mga nakatatanda, isang pundasyon ng kulturang Asyano, kabilang ang Pilipinas.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Karma at Karmic Justice**
Sa Temptation of Wife, ang tema ng karmic justice o gantimpala at parusa ay sentral, kung saan ang mga paghihirap at tagumpay ng bida ay sumasalamin sa paniniwala sa karma. Ito rin ay katulad ng Pilipinong paniniwala sa "gaba," na nagpapahiwatig na ang mga gawa, mabuti man o masama, ay babalik sa gumawa.
Ang pagpapakita ng mga ito sa mga Korean drama ay hindi lamang nagbibigay ng aliw sa mga manonood kundi nag-aalok din ng pagkakataong makita ang mga pagkakatulad sa mga kultural na paniniwala na nagpapatibay sa koneksyon at pag-unawa sa pagitan ng dalawang bansa. Ang mga paniniwalang ito ay nagpapayaman sa naratibo at nagbibigay ng mas malalim na konteksto sa mga relasyon at pag-uugali ng mga tauhan na maaaring mag-resonate sa mga Pilipinong manonood.

**Pamahahiin**
Sa paghahambing ng mga pamahiin na ipinapakita sa mga Korean drama tulad ng "The World of the Married," "Temptation of Wife," at "My Love from the Star" sa mga pamahiin na matatagpuan sa kulturang Pilipino, maaari nating makita ang mga pagkakatulad na nagpapakita ng malalim na ugnayan ng tao sa mga paniniwala at tradisyon sa iba't ibang kultura. Ang mga tema ng karma, kapalaran, at mga ritwal para sa mga yumao ay karaniwan sa mga dramang ito at sumasalamin sa mga paniniwala na mahalaga hindi lamang sa mga Koreano kundi pati na rin sa mga Pilipino.

Ang mga pamahiing ito ay karaniwang naglalarawan ng mas malalim na mga takot at pag-asa ng mga tao, pati na rin ang kanilang mga pangarap. Halimbawa, ang paniniwala sa masamang kapalaran na dala ng pagtataksil, na ipinapakita sa "The World of the Married," ay nagpapakita ng pangkalahatang tema ng karma na malawak din na pinaniniwalaan sa Pilipinas. Ang mga ritwal para sa mga yumao, tulad ng pagdarasal at pag-aalay ng mga bulaklak, ay mga gawain na nagpapakita ng pagpapahalaga at respeto sa mga pumanaw, na isang katangiang pinahahalagahan ng parehong mga kultura.

Ang "Temptation of Wife" ay nagpapakita ng mga implikasyon ng karma sa mga gawain ng tao, na kapwa mahalaga sa mga paniniwalang Pilipino at Koreano. Ang mga gawain tulad ng pagtapon ng asin sa balikat upang iwasan ang malas ay nagpapakita ng mga paraan kung paano hinaharap ng mga tao ang kanilang mga takot at pag-aalala sa pamamagitan ng mga ritwal.
Sa "My Love from the Star," ang konsepto ng predestined love at ang mga pamahiin tungkol sa mga bituin ay nagbibigay-diin sa mga paniniwala sa kapalaran na laganap din sa Pilipinas. Ang pagtingin sa mga bituin at paghiling dito bilang paraan ng pag-asa at inspirasyon ay isang tema na resonates sa maraming kultura.

Ang pagsusuri sa mga pamahiing ito ay nagpapakita kung paano ang mga kultural na produkto tulad ng mga drama ay maaaring maging salamin ng mga pangunahing paniniwala at pagpapahalaga ng isang lipunan, at kung paano ang mga ito ay may kakayahang magbigay ng insight sa mga universaling tema ng pag-ibig, pagtataksil, at kapalaran na nangyayari sa kabila ng mga kultural na hangganan.

**Tema**
Sinasabing ang tema ay isa sa pinakamahalagang elemento ng isang kuwento, tula, sanaysay, pelikula, o anumang anyo ng sining. Ang tema ay hindi lamang simpleng paksa o pangunahing ideya, kundi ito ang pangkalahatang kaisipan na bumabalot sa bawat detalye ng isang akda. Ito ang nagbibigay ng direksyon sa pagsasalaysay at tumutulong upang mas maiparating ng may-akda ang kanyang layunin o mensahe sa mga mambabasa o manonood.

Sa pamamagitan ng tema, nagiging mas malinaw ang interpretasyon ng isang akda at ito rin ang nagiging batayan ng pagpapakahulugan sa bawat pangyayari o aksyon sa kuwento. Ayon kay Galit (2019), ang tema ay nagiging lunsaran ng pagsasalaysay at nagpapalawak sa mga pangyayari sa isang akda. Dito umiikot ang bawat karakter, plot, at setting. Ang bawat elemento ng isang kuwento ay nakatali sa tema, na siyang nagpapakita ng mas malalim na layunin o mensahe ng may-akda. Halimbawa, sa mga pelikula o telenobela, ang tema ay maaaring umikot sa pamilya, pag-ibig, hustisya, o pakikibaka laban sa kahirapan. Ang mga temang ito ay karaniwang naaayon sa karanasan ng mga manonood kaya't mas nagiging relatable at emosyonal ang epekto nito.

Ang isang mahusay na tema ay hindi lamang naglalahad ng kuwento, kundi ito rin ay nag-uudyok ng reaksyon, emosyon, at pagninilay mula sa mga manonood. Ang tema ay isang mahalagang aspeto na hindi dapat minamaliit ng mga manunulat at tagapaglikha ng pelikula o anumang anyo ng akda. Ito ang nagsisilbing puso ng isang likha, na nagbibigay ng direksyon at saysay sa bawat pangyayari. Kung wala ang tema, ang mga karakter at aksyon sa isang kuwento ay tila walang kahulugan at tila nagkakalat lamang ng mga random na pangyayari. Kung wala ang tema, ang mga karakter at aksyon sa isang kuwento ay tila walang kahulugan at tila nagkakalat lamang ng mga random na pangyayari.

Sa halip, sa pagkakaroon ng malinaw na tema, ang bawat detalye ay nagiging mahalaga at magkakaugnay. Isa rin sa mga tungkulin ng tema ay ang magbigay ng moral na aral o mas malalim na kaisipan na maaaring magbigay-gabay sa mga manonood. Halimbawa, sa mga klasikong nobela tulad ng Noli Me Tangere ni Jose Rizal, ang tema ng kolonyalismo, kasakiman, at pakikibaka para sa kalayaan ay hindi lamang nagbigay-buhay sa bawat karakter kundi nagbigay rin ng mas malalim na pag-unawa sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng mga Kastila. Ang mga ganitong uri ng tema ay hindi lamang nagsisilbing salamin ng isang lipunan, kundi nagiging batayan din ng kritisismo sa mga sistemang umiiral.

Sa mga modernong pelikula at teleserye, ang mga tema ay malawak at nag-e-evolve depende sa pangangailangan ng lipunan at interes ng mga manonood. Halimbawa, sa mga Korean drama na tinatangkilik ng maraming Pilipino, karaniwan ang mga temang umiikot sa pamilya, romansa, pagkakaibigan, at personal na pakikibaka laban sa mga pagsubok. Ang mga temang ito ay malapit sa karanasan ng mga Pilipino, kaya't mabilis na nakakapukaw ng damdamin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang mga kwento ng pakikibaka ng isang ordinaryong tao upang makamit ang kanyang mga pangarap, sa kabila ng mga balakid, ay nagiging malapit sa puso ng maraming manonood. Sa ganitong paraan, ang tema ay nagiging isang mahalagang koneksyon sa pagitan ng mga manonood at ng mga karakter sa palabas. Ang tema ay hindi lamang naglalaman ng mga karaniwang kaisipan; maaari rin itong maglaman ng masalimuot na diskurso hinggil sa mga isyung panlipunan. Sa maraming pagkakataon, ginagamit ng mga manunulat at direktor ang kanilang mga akda upang talakayin ang mga masalimuot na usapin tulad ng korapsyon, diskriminasyon, gender issues, at iba pa. Ang ganitong mga tema ay nagbibigay ng espasyo para sa mas malalim na pagninilay at pagsusuri sa mga kasalukuyang isyu ng lipunan.

**Talahanayan 2**
**Salik-Kultural ayon sa Tema (Theme)**

| | **MGA KOREAN DRAMA** | | |
|---|---|---|---|
| **SALIK** | **The World of the Married** | **Temptation of Wife** | **My Love from the Star** |
| | | | |
| ***Tema*** | -Sama ng loob na nauwi sa paghihiganti | -Pagbangon mula sa mga pagsubok | -Pag-iibigan ng dalawang taong magkaiba ang mundo. |
| | -Pagmamahan ng dalawang taong magkaiba ang katayuan sa buhay. | -Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya | -Pag-iibigan ng isang artista at alien. |
| | -Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan. | -Pag-iibigang hahamakin ang lahat. | -Mataas na pagpapahalaga sa prinsipyong pangkatauhan. |
| | | | |
| | -Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya. | -Sama ng loob na nauwi sa paghihiganti. | -Paghihintay sa minamahal. |
| | -Pag-iibigang hahamakin ang lahat | | |

**Inilalahad sa talahanayan 2, 2.1, 2.2 at 2.3** ang mga salik-kultural na maaaring magbigay linaw sa mga Pilipino sa kabila ng pagkakaiba sa oryentasyong kultural ng tagapanood at ng mga materyal na pinanonood. Lumutang sa pagsusuri sa kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino sa mga piling Koreanong palabas sa pagsusuri ng mga salik-kultural gaya ng sa Tema (Theme) at Moda (Fashion; Pananamit; Pag-aayos ng buhok; at aksesorya sa katawan).

**The World of the Married**

**Sama ng loob ng isang asawa na nauwi sa paghihiganti.** Sa orihinal na K-Drama ng ”The world of the Married” ang labis na sama ng loob ni Ji-sun-Woo sa kanyang asawa ay dahil sa pagtataksil nito ay nauwi sa paghihiganti. Sa konsepto ng koreanong palabas ang labis na sama ng loob ”han” ay nag uudyok kay Ji-sun-Woo upang maghiganti sa ”kerida” o kabit at sa asawa nito. Sa koreanong palabas ay mas agresibo si Ji-su-Woo sa paghihiganti sa Filipino adaptasyon ay mas nangingibaw ang emosyon ni Dr. Jill Ilustre at mas mahinahon at palaban ito sa taksil nitong sawa at sa kabit nito.

**Pagmamahalan ng dalawang taong magkaiba ang katayuan sa buhay**. Mapapanood sa K-Dramang ito ang karakter ni Ji Sun-woo, isang doctor na nagging matagumpay sa larangan ng medisina, at ang asawa nito na si Lee Tae-oh, isang ambisyosong tao. Iba man ang pinagmulan ng kanilang buhay,ang kanilang pagsasama ay nagsimula sa pagmamahalan at pangarap na magka-pamilya. Ngunit sa huli ang kanilang pagmamahalan ay nauwi sa masalimoot na alitan at pagkasira ng kanilang relasyong pamilya.

**Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan**. Mapapanood sa K-Dramang ito ang pagpapahalaga ni Sun-woo sa kanyang mga kaibigang sina Go Ye-rim at Son Je-hyuk. Sa kanilang relasyon sa umpisa ay tila isang matibay na pagkakaibigan na nagiging sandigan ng bidang karakter ni Sun-woo sa kanyang mga pinagdadaanan o sa kanyang paghihirap sa relasyon ng kanyang asawa na si Lee Tae-oh. Subalit, ang pagakakaibigan ay namantsahan ng kataksilan at lumitaw ang mga lihim at pagtataksil na nagpapakita ng kahinaan ng kanilang pagkakaibigan.

**Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya**. Mapapanood sa K-Dramang ito ang katatagan ng karakter ni Ji Sun-woo isang ina at matagumpay na doktor. Sa kabila ng kanyang pagdurusa sa pagtataksil ng kanyang asawa na si Lee Tae-woo ay hindi ito naging dahilan upang panghinaan siya ng loob bagkus ito ang nag-udyok sa kanya upang tibayan ang loob upang protektahan at gabayan ang kanyang anak sa kabila ng ng kanyang personal na pagdurusa dulot ng pagtataksil ng kanyang asawa. Nagdulot man ng suliranin ang karakter ni Lee Tae-oh bilang asawa dulot ng pagtataksil nito ay ipinapakita rin ng serye ang kanyang pagmamahal at kagustuhang manatiling parte sa buhay ng kanyang anak.

**Pag-iibigang handang hamakin ang lahat**. Ang pag-iibigan nina Yeo Da-kyung at Lee Tae-oh ay pag-iibigang hahamakin ang lahat. Mapapanood sa KDramang ito ang ginawang pagtataksil ni Lee Tae-oh sa kanyang asawa. Sa paghahangad ni Lee Tae-oh ng bagong buhay kasama si Yeo Da-Kyung ay nagdulot ito ng mga suliranin hindi lang sa kanyang asawa na si Ji Sun-woo pati na rin kay Yeo Da-Kyung na hinarap ang kahihiyan at galit ng lipunan para sa pag-ibig na handa niyang hamakin ang lahat para ipaglaban ang kanilang pag-iibigan.

**Temptation of Wife**

**Pagbangon mula sa mga pagsubok.** Mapapanood sa K-Dramang ito ang matitinding pagsubok na dinanas ng bidang si Goo Eun-jae. Isa na dito ang pagtataksil ng kanyang asawa at pagkakanulo ng kanyang pinakamatalik na kaibigan. Sa kabila ng mga pagsubok na ito ay ninais pa din ni Eun-jae, na ibangon ang sarili at harapin ang mga taong nagtaksil sa kanya. Ang pagbabago ni Goo Eun-jae mula sa inaaping asawa mula sa malakas at palaban na babae ay nagapapakita ng kanyang katatagan at determinasyon na magtagumpay laban sa mga taong nang-api sa kanya.

**Pagpapahala sa relasyong pampamilya**. Mapapanood sa K-Dramang ito ang pagpapahalaga ng mga karakter sa kanilang mga pamilya lalo na sa bidang karakter ni Goo Eun-jae. Sa kabila ng pang-aapi at pagtataksil ng kanyang asawa ay lubos parin ang pagpapahalaga ni Goo Eun-jae sa sinumpaang pagsasama ng kanilang dalawang mag-asawa. Tiniis niya ang paghihirap at mga pasakit upang intindihin at maisalba ang relasyon nilang mag-asawa. Gayunpaman, ang pagpapahalaga niya sa kanilang relasyon ay taliwas sa nais ng kanyang asawa at nauwi ito sa mga suliranin at paghihiganti dulot ng kataksilan ng kanyang asawa at pagkakanulo sa kanya ng kanyang matalik na kaibigan.

**Pag-iibigang hahamakin ang lahat.** Mapapanood sa K-Dramang ito ang karakter ni Shin Ae-ri na handang ipagkakanulo ang kanyang matalik na kabigan na si Eun-jae para maangkin ang asawa ng kanyang matalik na kaibigan. Handa niyang gawin ang lahat maging ang traydorin ang kanyang matalik na kaibigan upang maisakatuparan ang kanyang nais. Ang kanyang pagmamahal ay puno ng pakakanulo at pagsusumikap na makuha ang kanyang nais kahit ito'y makasait sa iba.

**Sama ng loob na nauwi sa paghihiganti**. Madalas sa tema ng Korean Drama ang pagjihiganti gaya ng sa seryeng Temptation of Wife, mapapanood sa K-Dramang ito lalong-lalo nasa karakter ni Goo Eun-jae ang labis na sama ng loob sa kanyang asawa dahil sa kataksilan nito at ang pagkakanulo ng kanyang matalik na kaibigan sa kanya. Ito ang nag-udyok sa kanya upang ibangon ang sarili at maging palaban sa mga taong nang-api at nagkanulo sa kanya. Ang kanyang paglalakbay mula sa sama ng loob patungo sa paghihiganti at sa huli ay nagawa niyang maghilom at ito ay nagbigay ng inspirasyon at aral sa mga manonood tungkol sa lakas ng loob, katatagan, at ang tunay na kahulugan ng katarungan.

**My Love from the Star**

**Pag-iibigan ng dalawang taong magkaiba ang mundo**. Mapapanood sa K-Dramang ito ang karakter ni Do Min-joon na isang alien o dayuhan na nagmula sa ibang planeta at napadpad sa lupa ng Dinastiyang Joseon. Dahil sa taglay nitong kapangyahirhan ay kaya niyang mag-teleportation, pahintuin ang oras, at malakas na pandama. Sa apat na siglo niyang pamumuhay sa mundo ng tao ay nanatili siyang mabait, matalino, at tahimik na nagtatago bilang isang misteryosong tao. Hindi madali ang pag-iibigan nila ni Cheon Song-yi na iba ang pananaw sa buhay. Isang taong kilala sa mundo ng tao at isang dayuhan na nagtatago. Gayunpaman, sa kabila ng magkaiba ang pinanggalingan hindi ito ang nagging hadlang upang matagpuan nila ang wagas na pag-ibig.

**Pag-iibigan ng isang artista at alien**. Magkaiba man ang pinagmulan nina Do Min-joon at Cheon Song-yi, magkaiba man ang kanilang minulatan na buhay ay hindi nitong hamakin ang lahat, kahit pa ang mismong bituin. Batuhin man ng maraming pagsubok, mula sa mga intriga sa trabaho hanggang sa mga banta sa buhay ni Song-yi ay tunay na ang pag-ibig ay siyang makakapitan. Sa kabila ng mga pagsubok na ito ay mananatiling matatag ang kanilang pag-iibigan. Ang kanilang determinasyon ay nagpapakita na ang tunay na pag-ibig ay hindi sumusuko sa harap ng mga pagsubok ng buhay.

**Mataas na pagpapahalaga sa prinsipyong pangkatauhan**. Mapapanood sa K-Dramang ito ang pagpapahalaga sa prinsipyong pangkatauhan gaya ng karakter na si Do Min-joon kahit iba ang kanyang pinanggalingan ay mas pinili niya na mamuhay ng tahimik at pahalagahan ang prinsipyo ng sangkatauhan. Ang karakter ni Do Min-joon ay nagpapakita ng kanyang tapat at respeto sa mga taong nakakasalimuha niya.

**Paghihintay sa minamamahal**. Ang Paghihintay sa minamahal ay nangangailangan ng matinding pagtitiyaga at katatagan. Mapapanood sa K-Dramang ito lalo na karakter ni Cheon Song-yi na handang maghintay kay Do Min-joon kahit walang kasiguraduhan ang kanyang pagbabalik. Si Cheon Song-yi ay nagpapakita ng determinasyon na maghintay kay Do Min-joon sa kabila ng kanyang pag-alis at posibleng hindi niya pagbabalik. Ang kanyang katatagan at pagtitiyaga ay nagpapakita ng kanyang matinding pagmamahal at pananalig sa kanilang relasyon.

Makikita sa deskriptibong talahanayan para sa mga datos tungkol sa moda (fashion) sa mga nakalap ng mga mananaliksik mula sa pagsusuring isinagawa sa tatlong (3) KDrama na nabanggit. Nahahati ang Talahanayan 2 sa tatlong kategorya 2.1Pananamit, 2.2 Mga Estilo sa Pag-aayos ng Buhok, at 3.3 Mga Aksesorya sa Katawan) ayon sa hinihingi ng layunin at sa kung anong mga datos ang lumabas mula sa pagsusuri ngmananaliksik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2.1**
*Salik-Kultural ayon sa Moda (Fashion)*

| **2.1 PANANAMIT** | | | |
|---|---|---|---|
| **MGA KOREAN DRAMA** | | | |
| **SALIK** | **The World of the Married** | **Temptation of Wife** | **My Love from the Star** |
| **Moda (Fashion)** | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Pagsusuot ng bidang babae ngdamit na *turtle neck*, at ng balbal o *scarf.*<br>• Pagsusuot ng *tube dress top* at pinatungan ng maong long sleeve.<br>Mga babae sa Filipino adaptasyon:<br>• Pagsusuot ng tailored na mga damit tulad ng *blazers* at *elegant dresses* na nagpapakita sa uri ng kanyang trabaho bilang isang propesyonal.<br>• Pagsusuot niya at ng ibang pang babaeng karakter ng *stylish coats* at *jackets.*<br>Sa mga lalaki sa orihinal na KDrama:<br>• Pagsusuot ng bidang lalaki at ng isa sa mga karakter na lalaki na maluwag na *sweat shirt*.<br>• Pagsusuot ng mga pinagsamang damit tulad ng *turtle neck* at *coat*<br>• Pagsusuot ng pinagsamang *t-shirt* at *coat*, at pinagsamang *t-shirt* at *jacket.*<br>Sa Filipino adaptasyon:<br>• Pagsusuot ng business suit ng bidang karakter na lalaki kabilang na ang *coat*, pantalon, at *dress shirt*.<br>• Pagsusuot ng dress shirt na hindi nakasara ang butones o *polo shirt* at naka-pantalon.<br>• Pagsusuot ng *blazer,leather jacket.* | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Pagsusuot ng bidang babae at ng ibang karakter na babae ng *mini skirt, spagehetti strap top, bolero top, Drape front dress, O-neck chiffon Dress.*<br>• Pagsusuot ng bidang babae at ng iba pang karakter na babae ng *cocktail dresses o evening gowns* sa mga espesyal na okasyon.<br>Sa lalaki sa orihinal na KDrama:<br>• Pagsusuot ng bidang lalaki at ng iba pang karakter na lalaki ng *skinny jeans at skinny pants.* Pagsusuot ng mga pinagsamang damit tulad ng *turtle neck at coat.*<br>• Pagsusuot ng *floral printed polo at skinny jeans o pants.*<br>Sa Filipino adapatsyon:<br>• Pagsusuot ng barong tagalong, *polo shirt*, o *long sleeves*, pantalon at *trousers.*<br>• Pagsusuot ng pormal na kasuotan gaya ng *coat at tie.*<br>• Pagsusuot ng polo o dress na hindi nakasara ang butomes at maayos na pantalon o chinos. | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Pagsusuot ng bidang babae at ng ibang karakter na babae ng mga damit katulad ng *key hole dress top, sweetheart dress top, cowl dress top, floral printed dress at shirt, at jumper.*<br>• Sa babae sa Filipino adaptasyon namay ang pagsusuot ng *fashionable* na *gowns at dress.*<br>• Pagsusuot ng *sylish coat* at maong *jeans*.<br>• Pagsusuot ng *tailored blazer, blouses, pencil skirts, fashionable tops, at dress.*<br>• Sa lalaki ng orihinal na KDrama naman ay pagsusuot ng pinagsamang t-*shirt at coat*; pinagsamang *t-shirt at jacket.* Mahilig din magsuot n gang ibang karakter na lalaki ng sa KDrama ng *floral printed polo.*<br>• Pagsusuot ng *skinny jeans o pants.* Pagsusuot ng *hooded jacket at bomber jacket.*<br>• Sa lalaki sa Filipino adaptasyon namay ang madalas na pagsusuot ng bidang karakter na si *Matteo Domingo* ng simpleng t-shirt at *khaki Jeans*.<br>• Pagsusuot ng *classic* na suit na nagpapalitaw sa kanyang angking kakisigan.<br>• Ang ibang karakter na lalaki naman tulad ni *Winston Libredo* ay madalas nagsusuot ng mga *tailored suits, dress shirts* na karaniwang may *neck tie o bow tie.*<br>• Pagsusuot ng *button-down shirt* na pinaresan ng *dark jeans.* |

Sa mga pananamit na makikita sa mga suot ng mga karakter mula sa nabanggit na K-Drama na sinuri ng mga mananaliksik, mapapansin natin na halos makakapal ang isinusuot ng mga karakter ng Koreanong palabas. Marahil ay dala na rin ng klima sa kanilang bansa ay nagsusuot sila ng mahahabang manggas na taliwas sa sinusuot nating mga Pilipino ngunit hindi ito ang balakid upang mas mahalin pa natin ang panonood ng Korean Drama. Karaniwang sinusuot ng mga babae sa K-Drama ay *cocktail dress* at *evening gown* na kung saan tayong mga Pilipino ay nahuhumaling dahil sa aking ganda ng mga karakter na babae na sinusubukan nating gayahin sa kung paano ang estilo ng kanilang pananamit. Sa Filipino adaptasyon naman, ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

patok ang pagsusuot ng mga kalalakihan ng barong tagalog na sumasalamin sa ating kultura bilang mga Pilipino. Sa panonood ng mga Koreanong palabas ay mas naipalaliman pa natin ang kahalagahan ng bawat kultura ng bawat bansa

**Talahanayan 2.2**

*Salik-Kultural ayon sa Moda (Fashion): Mga estilo sa Pag-aayos ng buhok*

| **2.2MGA ESTILO SA PAG-AAYOS NG BUHOK** | | | |
|---|---|---|---|
| | **MGA KOREAN DRAMA** | | |
| **SALIK** | **The World of the Married** | **Temptation of Wife** | **My Love from the Star** |
| **Moda (Fashion)** | Sa orihinal na KDrama ang mga babae ay pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-blonde.<br>• Sa karakter ni *Ji Sun-woo* ay madalas na makikita na mayroong *sleek at sophisticated* na bob cut na buhok. Ang kanyang buhok ay tuwid at makintab<br>• Madalas din na ang ibang karakter na babae ay naka *ponytail* na nagbibigay ng komportableng aura. Sa karakter ni *Yeo Da-kyung* ay makikita na may mahaba at tuwid na buhok at *loose waves* na nagbibigay sa kanya ng feminine na aura.<br>• Sa babaeng karakter sa Filipino adaptasyon naman lalo na sa bidang karakter na si *Dr. Jill Ilustre* ay pagkakaroon ng *sleek bob cut* na style sa buhok na may *highlight modern touch.*<br>• Sa bida at ng ibang karakter na lalaki ay ang kadalasang pagkakaroon ng naka-brush-up ang ayos na | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Mahilig ang mga babaeng karakter ng KDrama ng mga estilo ng buhok katulad ng, *messy bun, side pony tail, piggy ponny tail, fish tail, ta tail, pony tail.*<br>• Sa bidang karakter ni *Angeline Santos o Chantal Gonzales* ang pagkakaroon ng mahaba at magandang buhok ay nagbibigay sa kanyang karakter ng pagiging inosente bilang tradisyunal na asawa.<br>-Sa bida-kontrabida na karakter ni *Heidi Fernandez* ang pagkakaroon ng *shoulder-length* na buhok ay nagbibigay ng pagiging ambisyosa at kontrabida. Ang chic *bob cut* na buhok ay tanda na isa siyang eleganteng babae.<br>-Sa lalaking karakter ng orihinal na KDrama ang bidang karakter na lalaki, ang estilo ng kanyang buhok ay *long back*, at sa ibang karakter naman na lalaki ay *short spiky hair*.<br>• Pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-blonde.<br>• Pagsusuot ng *choker band.*<br>• Sa bidang lalaking karakter ni *Marcel* | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Mahilig ang mga babaeng karakter sa KDrama ng mga estilo ng buhok katulad ng, *bob cut, apple cut at messy bun.*<br>• Sa Filipino adaptasyon ng *"My Love from the Star"* ang pagkakaroon ni *Steffi Chavez* ng maganda at mahabang buhok ay nagpapakita ng kanyang karakter bilang glamarosa at sopistikada bilang isang sikat na artista.<br>• Ang pagkakaroon ng *straight, sleek hair* na estilo ng buhok ay sumasalamin sa kanyang pagiging seryoso at dedikasyon sa trabaho.<br>• Kadalasan sa Koreanong palabas ang pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-blonde ay nagbibigay kompyansa at tiwala sa sarili.<br>• Sa karakter ni *Matteo Do* sa Filipino adaptasyon ng *"My Love from the Star"* ang pagkakaroon ng buhok na may estilo na sleek hair na mahaba sa gilid ay nagbibigay sa kanya ng mesteryosong anyo. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | kanilang mgga buhok.<br>• Pagkakaroon din ng mga lalaki ng kulay sa buhok o pagpapa-blonde.<br>• Sa bidang karakter ni *David Ilustre* ay pagkakaroon ng *classic short cut* na nagbibigay sa kanya ng komportableng ayos.<br>• Sa ibang karakter tulad ni Enrico *Villamor* ay ang pagkakaroon ng buhok na may *side part* na nagdaragdag ng eleganteng anyo sa kanya | *Rodriguez* ang pagkakaroon ng isang malinis at maiksing buhok ay nagbibigay ng kakisigan bilang isang lalaki.<br>• Sa lalaking karakter ni *Nigel Armada* sa Filipino aadptasyon ng *"Temptation of Wife"* ay ang pagkakaroon ng medium length na buhok na may side part ay nagbibigay sa kanyang pagiging gentleman. | |

Kasama rin sa moda sa mga Koreanong palabas ang kanilang kakaibang estilo sa pag-aayos ng buhok, na siyang naging popular din sa mga Pilipino. Mapa-lalaki man o babae, pilit na ginagaya ng mga Pilipino ang mga istilo ng buhok ng kanilang mga paboritong artistang Koreano. Ang makabagong hair fashion ng mga Koreano ay isang aspeto ng kanilang kultura na naging kapansin-pansin at kaakit-akit sa mga manonood. Makikita natin ang kaugnayan natin sa kultura ng mga Koreano sa pamamagitan ng panonood ng mga K-Drama. Hindi na lingid sa kaalaman ng marami na ang mga Pilipino ay mga tagahanga ng mga nauusong istilo, partikular na pagdating sa buhok. Halimbawa, ang pag-aayos ng buhok na inspired mula sa K-Drama ay naging isang malawakang uso sa bansa. Sa mga Koreanong palabas, madalas makikita ang mga iba't ibang hairstyle tulad ng makukulay na blonde, mahahabang buhok, at malalaking kulot para sa mga babae, na tila simbolo ng modernong kagandahan. Sa mga kalalakihan naman, napapansin ang messy hair look na madalas na nagpapalabas ng isang matipuno ngunit cool na personalidad. Ang mga istilong ito ay mabilis na niyakap ng mga Pilipino, mula sa mga kabataan hanggang sa mga nasa hustong gulang, na ginagaya ang mga hairstyle ng kanilang mga iniidolo sa K-Drama. Sa lokal na adaptasyon ng mga Koreanong palabas, tulad ng Filipino adaptasyon ng *Temptation of Wife,* makikita rin ang kahalintulad na estilo ng mga buhok, gaya ng malilinis na gupit at mga classic short haircuts na madalas ay kinagigiliwan ng mga manonood. Hindi lamang ito simpleng pamemeke ng uso, kundi isang paraan ng pagpapahayag ng sarili at pagtangkilik sa banyagang kultura na unti-unting nagiging bahagi ng ating sariling pamumuhay. Ang mga uso sa buhok na ito ay hindi lamang nagpapataas ng kumpiyansa sa sarili ng mga Pilipino, kundi nagpapakita rin ng mas malalim na ugnayan at pagtanggap sa kulturang Koreano. Ang pagsunod ng mga Pilipino sa mga uso sa buhok mula sa K-Drama ay isa lamang patunay ng patuloy na impluwensya ng Korean Wave sa ating kultura. Ipinapakita nito kung paano naging bahagi ang mga banyagang uso sa pagpapayaman ng ating sariling pagkakakilanlan, na nagpapalawak ng pananaw at panlasa ng bawat isa pagdating sa moda at estilo. Likas na aa atin bilang mga Pilipino ang tangkilikin ang mga kultura ng ibang bansa gaya ng bansang Koreano na lalong nagpasidhi sa atin na gayahin at mahalin ang kanilang kultura ngunit huwag nating kakaligtaan na mayroon tayong sariling kultura na dapat mahalin at ipagsigawan ang ating sariling pagkakakilanlan saan mang dako ng mundo.

**Talahanayan 2.3**
*Salik-Kultural ayon sa Moda (Fashion): Mga Aksesorya sa Katawan*

| **2.3 MGA AKSESORYA SA KATAWAN** | | | |
|---|---|---|---|
| **MGA KOREAN DRAMA** | | | |
| **SALIK** | **The World of the Married** | **Temptation of Wife** | **My Love from the Star** |
| **Moda (Fashion)** | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Kadalasan sa mga karakter na babae sa KDramang ito ay mahilig maglagay ng *hairclip o hairpin* na may iba't ibang disenyo at kulay<br>• Pagsusuot ng hairband na may iba't ibang palamuti. Sa Filip[ino adaptasyon ang mga bidang karakter ay kadalasang nagsusuot ng mga bags katulad ng *tote bags, shoulder bags, at crossbody bags.*<br>• Kung sa Koreanong palabas ay kadalasang nagsusuot ng aksesorya sa buhok sa Filipino adaptasyon naman ay kadalasan nagsusuot ng *hair clip o hairpin* na nagdaragdag estetikang ganda ng palabas.<br>• Sa orihinal na KDramang *"The World of the Married"* ang pagsusuot ng mga bidang lalaki ng relo ay nagpapakita ng kanilang pagiging disiplinado. | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Pagsusuot ng mga hikaw, katulad ng *chandelier earings, drop earings, at pearl earings.*<br>• Kadalasan sa mga karakter na babae sa KDramang ito ay mahilig maglagay ng *hairclip o hairpin* na mayiba't ibang disenyo at kulay.<br>• Pagsusuot ng kwentas tulad ng *pearl necklace* at paggamit ng mga bag katulad ng *clutch bag, at duffel bag.*<br>• Pagpapakulay ng buhok tulad ng kulay *chestnut.*<br>• Sa Filipino adaptasyon ang mga bidang babae ay kadalasang nagsusuot ng ng mga kuwentas katulad ng *gold chain, choker at pearl necklace.*<br>• Pagsusuot ng hikaw gaya ng *hoop earings, drop earings, stud earings*.<br>• Pagsusuot ng *bracelet* katulad ng *bangle, cuff bracelet, charm bracelet* at iba pa.<br>• Sa lalaki ay ang pagsusuot ng kuwentas na ang disenyo sa pendant ay krus o *crucifix.* | Sa babae ng orihinal na KDrama:<br>• Katulad ng ibang KDrama ay ang mga karakter ng mga babae sa KDramang ito ay maghilig maglagay ng *clip o hairpin* na may iba't ibang disenyo at kulay.<br>• Pagsusuot ng mga hikaw gaya ng *chandelier earings, drop earings, at pearl earings.*<br>• Hindi maipagkakaila na sa Filipino adaptasyon ay ang mga bidang babae ay ay nagsusuot din ng *hairpins o hair clip* na nagbibigay buhay at ganda sa palabas.<br>• Pagsusuot ng relo katulad ng apple watch na sumasabay sa modernong panahon.<br>• Sa orihinal na KDramang *"My Love from the Star"* ang mga bidang lalaki ay nagsusuot ng mga aksesorya katulad ng *leather bracelet, metal cuff, at beaded bracelet.*<br>• Sa Filipino adaptasyon naman ang mga bidang lalaki tulad ni *Matteo Do* ay nagsusuot ng isang thin *chain necklace* na may maliit na *pendant,* tulad ng isang maliit na krus. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | • Pagsusuot ng alahas katulad ng kuwentas.<br>• Pagsusuot ng sunglasses na hindi lamang ginagamit -pang-proteksyon sa araw maaaring magdaragdag ng *appeal* at astig sa kanilang karakter. | • Paglalagay ng isang piraso ng hikaw sa kanang tenga. | |

Isa rin sa mga salik kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino sa panonood ng K-Dramang ito ay dahil sa mga kakaiba, makukulay, at magagandang aksesorya sa katawan na ginagamit ng mga Koreano. Makikita uli sa talahanayan ang mga datos na nakalap tungkol sa mga aksesorya sa katawan na nasuri ng mga mananaliksik mula sa tatlong nabanggit na K-Drama na sinuri. Makikita natin sa mga Koreanong palabas lalong-lalo na sa mga babae ang mga nakakaakit na mga palamuti. Madalas nakikita natin ito sa kanilang mukha, nakasabit sa iba't ibang parte ng katawan nila gaya ng mga *earings*, *bracelets*, relo at iba pa na mas nakadaragdag ng sopistikadong dating sa kanilang mga karakter sa K-Drama. Kahalintulad din ito sa mga karakter sa Filipino adaptasyon na binubusog ang ating mga mata sa mga nakakaakit na mga alahas, gaya ng necklace o iba't ibang burloloy sa katawan na mas lalong ganahan tayong mga manonood sa mga palabas. Makikita na ang mga palamuti ang bumibihag sa ating mga puso upang mas lalo pa nating subaybayan ang mga K-Drama na interes nating panoorin. Ang panonood ng mga K-Drama ay likas na sa ating mga Pilipino ito ay nagpapatunay lamang na bukas ang isip natin sa ibang kultura.

## DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa mga talakayan pati na rin sa konklusyon at implikasyon para sa pagsasagawa ng mga hinaharap na pananaliksik na nakaangkla sa mga nabuong resulta sa panahon ng pagsusuri. Malinaw na inilahad ng pag-aaral na ito ang layunin nitong suriin ang ugnayan ng kulturang Koreano na may kahalintulad sa kultura ng Pilipino at mga salik-kultural, dahilan kung bakit patuloy na nahuhumaling ang Pilipino awdiyens sa panonood ng K-Drama.

Sa pag-aaral na ito ay nahahati sa pagtatalakay sa dalawang katanungan. Ang una ay nakapokus sa ugnayan ng kulturang Koreano sa kultura ng Pilipino na makikita sa Koreanong palabas gaya ng kasangkapan, kaugalian, tradisyon, paniniwala, at pamahiin. Ang sunod naman ay ang pagatatalakay sa salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama katulad ng pagsusuri ng sa tema (theme) at moda (fashion: Pananamit; Pag-aayos ng buhok; at Aksesorya sa katawan).

### Kulturang Koreano na ipinapakita sa mga piling Korean Drama na makikita sa kultura ng Pilipino

Ang mga Korean Drama ay kilala sa kanilang malalim na pagtalakay sa mga tema gaya ng pagpapahalaga sa pamilya, kaugalian, tradisyon, at mga relasyon sa pagitan ng mga tao. Ipinapakita sa piling Koreanong palabas ang pagkakatulad ng kultura ng Koreano at Filipino, dahilan kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino sa panood. Ang mga temang ito ay nagiging tulay upang mas maintindihan ng mga Pilipino ang kulturang Koreano, habang natutuklasan nila ang mga pagkakatulad sa sariling kultura.

Ang mga Koreanong palabas ay nagpapakita rin ng mga tradisyong kahalintulad sa mga kaugalian ng mga Pilipino. Gaya ng mga pista, seremonya, at maging ang mga selebrasyon na madalas na napapanood sa K-Drama ay nagiging pamilyar sa mga manonood na Pilipino, na mayroon ding mayamang tradisyon ng mga pagdiriwang at ritwal. Ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa Koreanong palabas ay hindi lamang isang anyo ng libangan bagkus ito ay tulay upang mas makilala ang kultura na may kahalintulad ng sa mga Pilipino..

Ang pag-usbong ng Korean Wave o Hallyu ay nagdulot ng malalim na impluwensya sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng mga Pilipino. Mula sa musika at pelikula hanggang sa *fashion*, ang mga elemento ng kulturang Koreano ay nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay sa Pilipinas. Sa larangan ng musika, ang K-pop ay nagdulot ng pag-usbong ng mga local na grupo tulad ng Pilipino na nag-aadapt ng mga modernong Asian *fashion trends* na kanilang nakikita sa media Calvin Castillo (2022).

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa pagsusuri nina Gilbert C. Galit, Edrian A. Pangilinan at Ryan C. Panis (2021) at ang pagsusuring ito rin ay naka batay sa ilang mga literatura na siyang nagging susi o naging batayan upang mabuo ang mga datos upang makalikom ng makabuluhang pagsusuri. Ang pag-aaral na ito ay sinuportahan ng mga teorya na siyang nagging basehan upang makagawa ng isang makabuluhang pagsusuri.

Ang pagsusuring ito ay nakabatay sa Media Dependency Theory nina Ball-Rokeach at Defleur (1976). Ayon sa teoryang ito, habang nagiging mas dependent ang tao sa media upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, lalong nagiging dominante ang media sa kanilang buhay, na siyang pangunahing dahilan ng impluwensiya nito sa kanilang pamumuhay. Binibigyang-diin dito ang mahalagang koneksyon sa pagitan ng tao at media, kung saan ang media ang nagiging

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

daan upang mapunan ang kanilang mga pangangailangan, kagustuhan, at layunin na hindi natutugunan ng ibang paraan. Subalit, ang labis na paggamit ng media ay nagdudulot ng mas malalim na pagkadepende na nakakaapekto sa personal at kultural na aspeto ng buhay.

Sa pag-aaral ni Straubhaar (2007) tungkol sa Dependency of Third World Media, natuklasan na ang mga maliliit na bansa ay may limitadong kakayahan upang sustentuhan ang sarili nilang media. Halimbawa nito ang Belgium at The Netherlands na hindi sapat ang mapagkukunan upang makapagprodyus ng kumpletong iskedyul ng maraming channel. Dahil dito, nagiging pagkakataon ito para sa mga industriyalisadong bansa na maimpluwensiyahan ang mas mahihinang bansa sa pamamagitan ng media. Ang prosesong ito ay makikita sa paggamit ng kabataang Pilipino ng media upang ma-access ang K-dramas, na nagpapakita kung paano nagiging dependent ang mga kabataan sa media. Sa kasalukuyang panahon, dahil sa malawak na saklaw ng teknolohiya, madaling makapanood ng mga palabas mula sa ibang bansa, partikular sa South Korea, gamit ang internet. Malaki ang ambag ng internet sa pagbibigay-access sa iba't ibang social media, na nagdulot ng malaking epekto sa pananaw ng kabataang Pilipino ukol sa kanilang sariling kultura.

Ang Cultural Proximity Theory ay isa pang teoryang sumusuporta sa pagsusuring ito. Ayon dito, ang mga tagapanood ay naghahanap ng pagkakatulad sa mga palabas na kanilang pinapanood. Bagamat wika ang pangunahing tinitingnan, ayon kay Straubhaar (sa pag-aaral nina Agbayani et al., 2015), hindi lamang wika ang mahalaga. Kabilang dito ang kasaysayan, relihiyon, etnisidad, kultura, kilos, at estilo ng pamumuhay na nakakapukaw ng interes ng mga manonood. Sa kontekstong ito, naimpluwensiyahan ang paraan ng pamumuhay, pananamit, at pag-iisip ng mga tao. Ang teoryang ito ay may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral na matukoy ang pagkakatulad ng kulturang Pilipino at mga elemento sa K-drama. Halimbawa, ang pagpapakita ng paggalang sa mga nakatatanda, tulad ng pagyuko ng mga Koreano, ay makikitang katulad ng tradisyunal na pagmamano ng mga Pilipino.
Suportado rin ng Intercultural Transformation Theory ang pag-aaral na ito. Ayon sa Encyclopedia of the Science of Learning (2012), ang teoryang ito ay nagpapakita na ang tao ay nag-aadjust sa pagbabago ng kultura, lumalawak ang pananaw, at natututo ng bagong kaalaman at kilos. Kung lantad ang tao sa iba’t ibang kultura, nagkakaroon ito ng malaking pagbabago sa personalidad at pagpipilian. Sa pamamagitan ng media, nagiging madali ang pagpapalaganap ng kultura, na may malakas na impluwensiya sa kasalukuyang henerasyon. Halimbawa nito ay ang mga tradisyon ng mga Pilipino, tulad ng pagdiriwang ng fiesta, na naimpluwensiyahan ng kultura ng mga mananakop tulad ng mga Espanyol.

Sa talahanayan 1, ang ugnayan ng kultura ng Koreano na makikita sa kultura ng Filipino dahilan kung bakit nahuhumaling ang mga mga manonood lalong lalo na ang mga Filipino dahil hindi lamang wika kung bakit sila nahuhumaling kung hindi napapanood nila ang kahalintulad na kultura sa kanilang bansa sa kanilang pinanonood.

Ang mga manonood sa ating bansa ay hindi lamang tumatangkilik sa mga sikat na kantang Korean o K-Pop at sa mga Korean artist ngunit minamahal na rin nila ang mga kultura sa South Korea. Nagpapakita ng interes ang mga manonood o mga kabataan sa iba’t ibang kultura sa nasabing bansa. Kung sa Pilipinas ay kutsara at tinidor ang ginagamit sa pagkain, chopsticks ang kinakailangan ng mga Koreano sa tuwing sila ay kumakain na makikitang ginagaya rin ng mga tao sa ating bansa (Heigoff 1994).

Mapapanood natin sa mga tatlong Koreanong palabas ang mga kasangkapan na nagpapakita ng interes sa mga manonood lalong lalo na may kahalintulad ito sa ating mga kasangkapan. Ito ay nagpapakita lamang na may ugnayan ang kultura ng koreano sa kultura ng Filipino dahilan upang sila ay mahumaling sa panonood ng mga koreanong palabas.

Sa mga Koreanong palabas ay mapapansin ang pagpapahalaga sa pamilya. Sa usapin naman ng kapangyarihan, mas matimbang ang kalalakihan kaysa sa kababaihan. Mapapansing hindi sumasagot ng pabalang o nagtataas ng boses ang mga Koreano sa nakakatanda sa kanila. Malinaw na mataas ang pagpapahalaga sa mga mas nakakatanda ng mga Koreano (2006).

Makikita natin sa mga kaugalian ng mga sinuring Korean Drama ang pagpapahalaga sa pamilya na may pagkakatulad sa kaugalian ng mga Pilipino. Hindi maipagkakaila na ang mga Pilipino ay nahuhumaling sa K-Drama dahil sa ito ay may pagpapahalaga sa pamilya, sa mas nakakatanda, pagpapahalaga sa kaibigan at handang gawin ang lahat upang makamit ang hustisya. Ang mga Koreanong palabas ay sumasalamin sa mga kaugalian na nararanasan ng mga Pilipino kaya’t ito ang nagiging dahilan kung bakit nahuhumaling silang manood ng K-Drama.

Binigyang-diin sa pag-aaral na nag paglaganap ng mga adaptasyong teleserye at pelikula sa asya particular na sa pilipinas ay nagdulot ng positibo at negatibong epekto sa mga Pilipino. Una, ang positibong epekto ay lumalawak ang kaalaman ng mga Pilipino sa kultura at iba pang tradisyon ng iba’t ibang bansa. Dito rin nalaman ng mga Filipino ang pagkakapareho at pagkakaiba ng tradisyon, kultura, at pamahiin ng ibang pang bansa. Natututo rin ang mga Filipino na linangin ang kaalaman sa paggawa ng isang pelikula o teleserye. Habang sa negatibo naman ay tinatangkilik na ng mga Filipino ang mga pelikula at teleserye na nanggaling sa ibang bansa kaya hindi na nasusuportahan ang sariling gawa at ditto rin bumagsak ang mga pelikulang ginagawa ng mga Filipino. Hindi na rin alam ng mga Filipino lalong-lalo na ang mga kabataan sa henerasyong ito ang sariling kultura’t tradisyon sapagkat nakapokus lamang sa panonood ng mga adaptasyong teleserye at pelikula (Portillo 2018).
Lumitaw sa pagsusuri na ito sa mga sinuring KDrama ay may pagkakapareho sa tradisyon at pamihiin ng mga Filipino. Ito ay nagging dahilan kung bakit patuloy na nahuhumaling ang mga Filipino dahil konektado at may ugnay ang kultura ng napapanood na Koreanong palabas sa kultura ng mga Filipino. Batay din sa pagsusuring ito ay lumitaw na mas nahuhumaling ang mga Filipino sa Koreanong palabas kaysa sa saring gawang

pelikula o teleserye ng mga Filipino. Hindi lingid sa atin na ang KDrama ay lalong umusbong hanggang sa kasalukuyan at patuloy na nagkaka-interes ang mga Filipino upang tangkilikin ito, maliban sa maganda ang kwento ng KDrama ay pinapainit pa nito ang ugnayan ng kultura ng Koreano na makikita sa kultura ng Filipino.

**Salik-Kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama**

Hindi maitatanggi o mapagaalinlangan ang pambihirang pag-usbong ng mga salik-kultural sa pagkahumaling ng nga Pilipino sa Korean Drama. Sa bawat sulok ng bansa milyon-milyong manonood ang nahuhumaling sa mga kuwento ng pag-ibig, pagkakaibigan, at pakikisama na umiikot sa mga karakter sa Korea. Sa pamamagitan ng mga makabagong plataporma ng palabas at sosyal midya, patuloy na lumalawak ang impluwensiya ng Koreanong palabas sa kaisipan at puso ng mga Pilipino. Nagbibigay daan sa mas malawakang interaksyon at pagkakaunawaan sa pagitan ng kultura ng Koreano at kultura ng Pilipino.

Sinasabing ang tema ang isa sa pinakamahalagang elemento ng isang kuwento, tula, sanaysay, at iba pa. Ito rin ang pangkalahatang kaisipan na nais palutangin ng may-akda sa kanyang kuwento upang mas maintindihan ng mga manonood o mambabasa at dito rin nabubuo ang kaisipan ng manonood. Ang tema ang nagiging lunsaran ng pagsasalaysay at nagpapalawak sa mga pangyayari (Galit 2019).

Sa talahanayan 2, sa ginawang pagsusuri ng mga sinuring K-Drama ay makikita natin ang pagkakatulad ng mga salik-kultural ayon sa tema na kung saan ang bawat tema ng tatlong K-Drama ay may pagkakahalintulad gaya na lamang sa pagpapahalaga ng pampamilya at pagpapahalaga sa kaibigan na kung saan labis-labis ang pagpapahalaga ng magulang sa anak at pagpapahalaga ng kaibigan sa kanyang matalik na kaibigan. Ganoon din sa tema ng paghihintay sa minamahal na kaya niyang maghintay o magtiis kahit walang kasiguraduhan kung ang taong hinihintay natin ay muling magbabalik. Sa pamamagitan ng mga temang ito nagkakaroon ng kulay ang bawat kuwento at naipaparamdam ang iba't ibang emosyon, dahilan kung bakit patuloy ang pagkahumaling ng mga manonood sa Koreanong palabas kaugnay sa mga salik-kultural na makikita sa salik-kultural ng mga Pilipino.

Ang ikalawang salik ay tungkol sa moda o fashion ng mga Koreano. Lumabas sa pagsusuri ng mga mananaliksik na may malaking salik ang mga moda ng Koreano na mapapanood sa mga K-Drama na dahilan kung bakit gustong-gusto itong panoorin ng mga Pilipino. Likas sa mga Pilipino ang pagsunod o paggaya sa mga patok o *trending* na uri ng moda na madalas ay nakikita sa *internet* o palabas na kanilang pinanonood. Sa kanyang *website*, isa sa mga dahilan kung bakit gustong-gusto ng mga Pilipino ang panonood ng mga K-Dramang ito ay dahil sa gusto nilang gayahin ang *fashion trend* ng mga iniidolo nilang mga artistang Koreano. Gustong-gusto rin ng mga Pilipino ang mga mararangyang damit "quirky" o kakaibang tabas sa mga desinyo ng damit, at sunod sa uso o napapanahon lagi ang moda ng mga Koreano (Hulyo, 2017).

Sa talahanayan 2.1, nakalap mula sa pagsusuring isinagawa sa tatlong K-Drama na nabanggit ang salik-kultural ayon sa moda o *fashion* ay nakakadaragdag ng interes sa mga manonood lalong-lalo na sa makukulay na mga damit hanggang sa kung paano suotin ng mga karakter sa bawat K-Drama. Nagkaka-interes ang mga kalalakihan lalong lalo na ang mga kababaihan na gayahin ang kanilang nakita hanggang sa pagsusuot ng mga kasuotan na kanilang nakikita sa sa mga nabanggit na K-Drama. Sa pagsusuring ito, mas nabigyang linaw ang katanungan sa kung bakit nahuhumaling ang mga manonood panoorin ang Koreanong palabas ito ay dahil sa mga uso na pananamit o *fashion trend* na kung saan ginagaya nilang porma ng pananamit ng mga kasuotan. Mas nabibigyang linaw sa pagsusuring ito na hindi lang tinitignan ng mga manonod ang ganda ng kuwento bagkus tinitignan din nila ang uso gaya ng pananamit kung kaya at naiinganyo silang manood dito. Hindi rin nakaligtas na isa ito sa mga dahilan kung bakit ang Pilipino awdiyens ay minamahal ang salik-kultural ayon sa moda o fashion ito ay dahil nagbibigay ito ng inspirasyon at maayos na ugnayan ng kultura ng bawat bansa.

Kasama rin sa moda ng mga Koreano ang kanilang kakaibang estilo ng pag-aayos ng kanilang buhok na kung saan ay nagustuhan din ng mga Pilipino. Mapalalaki man o mapababae ay talagang pilit na ginagaya ang mga estilo ng buhok ng kanilang mga hinahangaang mga artistang Koreano. Makikita sa tatlong K-Drama na sinuri na karamihan sa mga karakter na makikita sa palabas lalaki man o babae ay may ibang kulay ang kanilang mga buhok. Maging ang gupit ng mga babaeng Koreano katulad ng *bob cut*, *apple cut* at sa ayos nang pagkakapusod sa buhok gaya ng *messy bun* ay ginagaya rin ng ilang kabataang Pilipina sa bansa. Sa mga lalaking Koreano naman na kung saan ay uso sa kanila ang estilo ng buhok na naka-brush-up at *short spiky hair* na kitang-kita sa mga kalalakihang Pilipino sa bansa, ang mga ganitong uri ng estilo ng buhok. Kakikitaan din ang mga ganitong estilo ng mga buhok sa mga lokal na artistang Pilipino.

Sa talahanayan 2.2, sa ginawang pagsusuri nalaman ang salik-kultural ayon sa moda o fashion: pag-aayos ng bukok. Sa ginawang pagsusuri ng mga nabanggit na K-Drama ay nabigyang linaw kung bakit nahuhumaling ang mga manood sa mga Koreanong palabas. Lumutang sa pagsusuri na hindi lang tinitignan ng mga manonood ang ganda ng kuwento, sa pisikal na katangian ng mga karakter, at sa kung paano nila dalhin ang kanilang pananamit, tinigtignan din ng mga manonood ang pagkakaayos ng buhok. Dito sinuri ang mga dahilan sa pagkahumaling ng mga manonood sa koreanong palabas. Makikita natin na nakakadaragdag ang estilo ng buhok, mga *trendy* na gupit at usong look na nagbibigay interes sa mga manonood na gayahin ang *fashion look* lalo na sa estilo na buhok ng mga kalalakihan ang mga kababaihan. Sa pagsusuring ito ay mas lumutang na ang pagkahilig ng mga Pilipino sa Koreanong palabas ay may kaugnayan sa *fashion look* ng mga Koreano na mas ginanahan pa ang mga Filipino na gayahin at ayusin ang estilo ng buhok katulad ng kanilang napapanood sa Koreanong palabas.

Isa rin sa mga salik kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino sa panonood ng K-Dramang ito ay dahil sa mga kakaiba,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

makukulay, at magagandang aksesorya sa katawan na ginagamit ng mga Koreano. Makikita uli sa talahanayan ang mga datos na nakalap tungkol sa mga aksesorya sa katawan na nasuri ng mga mananaliksik mula sa tatlong nabanggit na K-Drama na sinuri. Sa mga babaeng Koreano nalaman ng mga mananaliksik namahihilig sila sa paggamit ng mga produktong pampaputi at pampaganda, tulad ng *make up, lipstick, eyeshadow, false eyelashes at face mask*. Na kung saan ay gusting-gusto rin ng mga Pilipinang babae na gamitin. Ang isa sa mga dahilan kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino na panoorin ang mga Koreanong palabas ito ay dahil sa matinding paghanga ng mga Pilipino sa kutis porselana ng mga Koreano at gusto nilang gayahin ang mga produkto na nakikita nilang ginagamit ng kanilang mga iniidolong artista sa mga pinapanood nilang K-Drama. Lumutang din sa pagsusuri ng mga mananaliksik na mahihilig din sa iba't ibang disenyo ng mga alahas ang mga Koreano ma-lalaki man o ma-babae na siyang ginagaya rin ng mga Pilipino (Belonio 2017).

Sa talahanayan 2.3, lumutang sa pagsusuri na ang salik-kultural ayon sa moda: Mga aksesorya sa katawan, lumalabas sa pagsusuri na ang isa sa dahilan kung bakit nahuhumaling ang mga mnonood sa Koreanong palabas ay dahil sa mga kakaiba, makukulay at mga palamuti sa katawan na nagkakadaragdag ng interes sa mga manonood dito. Mas naiimpluwesiyahan ang mga manonood na panoorin ang mga Koreanong palabas dahil sa naakit sila sa mga aksesorya sa katawan, palamuti sa mukha at mga sinasabit sa katawan ng mga Koreanong artista. Hindi maipagkakaila na ang mga aksesorya sa katawan ang isa sa mga pangunahing dahilan upang mas lalong magka-interes ang manonood na tangkilin at panoorin ang mga Koreanong palabas. Ito ang nagpapakita na mayroong epekto ang mga palamuti sa katawan kaya mas naaakit at mas lalo pang sinusubaybayan ng mga Pilipino ang bawat Koreanong palabas. Ito ay nagpapakita rin ng pagmamahal sa salik-kultural ng ibang bansa at inangkop ito sa ating pagiging Pilipino.

**Implikasyon sa Pagtuturo ng Wika**

Ang ugnayan ng dalawang kultura, kultura ng Koreano at kulturang Pilipino, na makikita sa mga Koreanong palabas, ay nagdudulot ng mahalagang implikasyon sa pagtuturo ng wika. Ang panonood ng K-Drama ay nagiging epektibong bahagi upang mapalalim ang pag-unawa ng mga estudyante o manonood sa kultura ng Korea. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mga aspekto ng pamumuhay, mga kaugalian, at mga ekspresyon sa mga palabas na ito, nagiging mas kontekstwal at makabuluhan ang pag-aaral ng wikang Koreano. Ang kaalaman sa kultura ay nagiging tulay upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang wika sa mas malalim na antas, na nagbibigay-daan sa mas mahusay na pakikipagtalastasan at pagpapahayag.

Isa pang implikasyon ng panonood ng Koreanong palabas ay ang pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral, hindi lamang sa wikang Koreano kundi pati na rin sa wikang Filipino. Maraming mga salitang Koreano ang nagiging bahagi ng pang-araw-araw na usapan ng mga Pilipino, na nagpapakita ng isang kalawakan sa kaalaman sa wika ng iba. Bukod dito, natututo ang mga mag-aaral ng mga bagong konsepto at ideya na maaaring hindi nila matutunan sa tradisyunal na silid-aralan.

Ang pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama ay maaari ding masuri sa pamamagitan ng pagtingin sa mga salik-kultural na nagiging sanhi nito. Maraming tema sa mga K-Drama, tulad ng pamilya, pag-ibig, at sakripisyo, ang malapit sa puso ng mga Pilipino. Ang mga temang ito ay madaling nakakapukaw ng damdamin dahil ito rin ang mga pagpapahalagang umiiral sa kultura ng Pilipino.

Gamit ang mga literatura, teorya at pagsusuri nina Gilbert C. Galit, Adrian A. Pangilinan, at Ryan C. Panis (2021), lumutang na marami pang kultura at wika ang uusbong sa dahil na rin sa patuloy na pag-usbong ng mga Koreanong palabas na nagbibigay daan upang ang mga manonood ay nakakapulot hindi lang aral maging ng mga bagong wika at bagong kultura na siyang magpapalalim sa ugnayan ng Pilipino at ng mga Koreano.

Gayunpaman, mas pagtuunan pa rin natin ng pansin ang sariling wika at kultura maging ang ating sariling gawa upang mas mahumaling ang ibang bansa gaya ng pagkahumaling natin sa wika at kultura ng Koreano.

**Rekomendasyon para sa Pananaliksik sa Hinaharap**

Batay sa resulta ng pananaliksik na ito, mahihinuhang matagumpay na nakamit ng mananaliksik ang layunin na suriin ang mga kulturang Koreano na makikita sa kultura ng mga Pilipino na makikita sa Koreanong palabas at mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama. Sa katunayan, napagtibay ng pananaliksik na ito ang ugnayan ng kulturang koreano na makikita sa kultura ng Pilipino gayundin napagtibay sa pagsusuri o pananaliksik na ito ang mga salik-kultural sa pagkuhaling ng mga Pilipino sa Koreanong palabas. Gayunpaman, sa kabila ng mga nagiging resulta, mayroon pa ring mga aspekto na kailangang pag-aralan ng mga mananaliksik sa hinaharap.

Una, magkaroon ng mas malalim na pagsusuri sa kung paano ang mga Korean Drama ay naaangkop at naiintindihan sa kontekstong Pilipino, kasama na ang mga aspekto ng wika at lokal na adaptasyon.

Ikalawa, pag-aaral sa epekto ng mga Korean Drama sa pagbabago ng mga panlipunang norm at asal sa Pilipinas, lalo na sa mga kabataan.

At panghuli, isagawa ang masusing pananaliksik sa mga tiyak na epekto ng pagkonsumo ng K-Drama sa mga gawi sa pagkain at moda sa Pilipinas.

Ang pananaliksik na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unawa sa transkultural na palitan at impluwensya ng media, na may potensyal na makaapekto at magbago ng kultural na *landscape* sa isang bansa tulad ng Pilipinas. Sa huli, ang mga Korean Drama ay hindi lamang bintana sa kulturang Koreano ngunit isa ring salamin na nagpapakita kung paano tayo bilang mga Pilipino ay nagpapahalaga, tumutugon, at kumukuha ng inspirasyon mula sa ibang mga kultura.

**Konklusyon**

Ang mga drama ay nagpapakita ng matibay na kultural na koneksyon sa pagitan ng Korea at Pilipinas sa pamamagitan ng materyal at di-materyal na kultura. Ang paggamit ng palayok at iba pang tradisyonal na kasangkapan sa pagluluto sa "The World of the Married" ay nagpapakita ng

pagpapahalaga sa lumang paraan ng pagluluto na nagpapanatili ng lasa at nutrisyon, na katulad ng paggamit ng palayok sa Pilipinas. Sa "Temptation of Wife," ang pagtuon sa *comfort food* tulad ng juk ay nagpapakita ng pagkakatulad sa arroz caldo at sinigang bilang pag-aalaga at pagbibigay kaginhawaan sa Pilipinas. Ang chimaek mula sa "My Love from the Star" ay sumasalamin sa pagiging bukas ng mga Pilipino sa global na pagkain.
Ang mga drama ay nagbigay-diin sa mga halaga tulad ng pagkakaisa ng pamilya, kahalagahan ng edukasyon, respeto sa matatanda, at ang mga aral mula sa karma at karmic justice. Ang mga ito ay salamin ng magkatulad na mga pagpapahalaga sa parehong kulturang Koreano at Pilipino, na nagpapakita ng pagpapahalaga sa tradisyon at relasyon sa pamilya.

Sa tulong ng mga sanligan, pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang magkamit ng kaalaman sa ugnayan ng kulturang koreano na makikita sa kultura ng Pilipino at mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama. Gamit ang ginawang pagsusuri nina Gilbert C. Galit, Edrian A. Pangilinan at Ryan C. Panis (2021) ay ibinase ang pnanaliksik na ito sa kanilang ginawang pag-aaral. Sa tulong ng kanilang pag-aaral ay lumutang na may ugnayan ang kulturang Koreano na makikita sa kultura ng Pilipino na makikita sa Koreanong palabas gaya ng pagsusuri ng kasangkapan, kaugalian, pagkain, tradisyon at paniniwala na may kahalintulad sa kultura ng mga Pilipino. Ibinase o nagging batayan ng ideya ang ginawang pagsusuri nina Gilbert C. Galit at Edrian A. Pangilinan (2021). Ang kanilang ginawang pagsususri ay nagbigay-linaw sa mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama sa pagsusuri ng mga salik-kultural gaya ng sa tema (theme) at moda (fashion: Pananamit, pag-aayos ng buhok, at aksesorya sa katawan).

Bagaman napakaraming hamon ang humadlang sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na ito mula umpisa na kung saan nangangapa pa dahil sa kakulangan sa kaalaman at karunungan patungkol sa larangan ng pananaliksik hanggang sa kalagitnaan ng pangangalap ng mga datos na gagamitin sa pagsusuri dahil sa limitadong oras at kakulangang pinansyal subalit matagumpay nitong napagtagumpayan ang mga dagok na siyang nagbukas ng daan para sa panibagong kaalaman at oportunidad na matuto. Naisakatuparan ko ang tunguhin kong pagbutihin ang pananaliksik na ito sa tulong at paggabay ng aking tagapagpayo at ng lahat ng mga taong naging parte ng mahabang pakikibaka ko. Nagbahagi ako ng panahon at oras, naglaan ako ng pinansyal at lakas upang maisakatuparaan ang pagsusuring pinili kong gawin at pag-aralan.

Sa katunayan, sa kalagitnaan ng pananaliksik na ito, maraming kaalaman at karunungan akong nalikom at naikintal. Marami ring mga bagay ang aking napagtanto at napagnilayan. Gaya ng kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino sa panonood ng Koreanong palabas, maliban sa wika ay higit pa pala roon ang ugnayan ng kulturang Koreano na makikita sa koreanong palabas gaya ng sa paniniwala, tradisyon, pagkain, kaugalian at iba pang aspekto sa kung bakit nagkaka-interes ang mga Pilipino ito ay dahil sa may kahalintulad ang kultura ng Koreano at kultura ng Pilipino. Maging sa salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama, sila ay nagkaka-interes manood dahil may pagkakapareho ang bawat kultura na siyang naging dahilan sa kung bakit patuloy na nahuhumaling ang mga Pilipino sa panonood nito at gaano ka bilis ang paglawak at pag-unlad ng gamit at katangian ng bawat salita. Sa kabuoan, masaya ako sa naging kinahantungan ng pagsusuring ito, sapagkat kahit na mahirap ang proseso ay umani naman ako ng mga kaalaman at karunungan. Habang nag-aaral at sumusuri ay masaya akong natututo ng bago.

## TALASANGGUNIAN

1. *Adorra, W. (2011, March 11) Korean Drama Society in the Philippines. Mula sa All in a K-Line: retrieved from*
2. *Adorra, W. (2011, March 11). Korean Drama Society in the Philippines. Mula sa All in a K-Line: retrieved from https://itsakworld.wordpress.com/2011/03/11/korean-tv-drama-society- in-the-philippines*
3. *Agbayani, J. C., Borillo, M. C., Colmo, M. C., Eliang, M. J., Lorzano, J., Mardo, J., Pasno, A. G. & Rodriguez. R. A. (2015).*
4. *Al-Haq, A., & Touhami, B. (2019). The influence of the Korean Wave on the language of international fans: A case study of Algerian fans. Sino-US English Teaching,*
5. *Arayata, M. C. (2018. November 18). Korean pop culture continues to capture Filipinos hearts. Mula Philippine News Agency: Ariffin, J. T., Bakar, H. A., & Yusof, N. H. (2018).*
6. *Arayata, M. C. (November 18,2018), Philippine News Agency. Korean pop culture continues to capture Filipinos' hearts.*
7. *Bakar, H. A. (2018). Culture in Korean Drama towards Influencing Malaysian. Audiences. International Journal of Innovative Research in Engineering &Managament,*
8. *Ball-Rokeach, S. J., & DeFleur, M.L. (1976). A dependency model of mass media effects.*
9. *Blas, F. A. &Erestain C. O., (2020). Phenomenographical Colloquies of the Hallyu Wave among Selected Students of Taytay Senior High School, Philippines. PEOPLE:*
10. *Braun, V., & Clarke, V. (2008, July 21). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology..*
11. *Cabello, M., Palisoc, M., Panganiban, R.P., Santosidad, J. &Sarreal, R. (2018). A Comparative study on the effects of Korean dramaconsumption on the patriotism of the University of the East.*
12. *Camarillo, G. (2018). Korean culture invasion: Positive and negative influences on Filipinos.*
13. *Cari, C., Dequina, W., Ecuben, G., Hilarbo, E.M. &Piodena, L.A (2018). The marvel of Korean Drama: An introspection of its charm on the social behavior of WVSU-SHS students.*
14. *Cervantes, M.F.C.V. (2006). A comparative study on the Filipino telenovela Sa Piling Mo and thekoreanovela My Girl. Undergraduate Thesis, University of the Philippines, Philippines.*
15. *Chang, P and Lee, I H. (2017) Cultural preferences in international trade: Evidence from the Globalization of Korean pop culture. (2017). Research Collection School of Economics.*
16. *Culturalatlas.sbs.com(2018).Cultural Practices and Values of South Korea. Retrieved*

17. *Delos Reyes, W., Paner, R., & Rivera, R. (2019). Understanding the embrace of Filipino teenagers on Korean dramas. Academia.*
18. *Encyclopedia of Science Learning. (2012). Intercultural Transformation. In Seel N. M. (eds) Encyclopedia of the Sciences of Learning. Springer, Boston, MA,*
19. *Fabular, K. R. (2108), Bakit Nga Ba Maraming samga Pilipino ang nahuhumalingsa K-Drama at K-Pop,*
20. *Foley, B. (2018. March 22). What is Purposive Sampling. Mula sasurveygizmo:*
21. *Forrester, C. (2005). Hot druma and convergence boost Korean broadcast market. IBE: International Broadcast Engineer, 16-18.*
22. *Gongora, M. F. (2013). The Identifcation and Distancing of Filipino Korean Language Students in watching Telenovelas. Quezon City: University of the Philippines. Diliman.*
23. *Grades Fixer, G. (2019, May 14). KOREAN MOVIES ITS INFLUENCE ON THE STUDENTS BEHAVIOR Retrieved Mula sa Grades Fixer:*
24. *Handwerker, W. (2022). The construct validity of cultures:Cultural diversity, culture theory, and a method forethnography. American Anthropologist.*
25. *Howard, K., &Lekakul, G. (n.d.). [Link] Available at: korean-wave-hallyu-the-rise-of- koreas-cultural-economy-pop-culture*
26. *Hubinette, T. (2018). Who Are the Swedish Kpop Fans? Revisiting the Reception and Consumption of Hallyu in Post-Gangnam Style Sweden with an Emphasis on K-Pop.*
27. *Jang, W., & Song, J. (2018). The Influences of Kpop Fandom on Increasing Cultural Contact. Barnett Center.*
28. *Kim, G. (2018). K-pop Female Idols as Cultural Genre of Patriarchal Neoliberalism: A Gendered Nature of Developmentalism and the Structure of Feeling/Experience in Contemporary.*
29. *Kim, I. L. (2014). Anti-Hallyu in East Asia, Korean Sociology, 1-24.*
30. *Kim, S., Hwang, S., & Kim, J. (2021). Factors influencing K-pop artists' success on V live online video platform. Science Direct.*
31. *Korea Culture and the Arts (2017). Hallyu (Korean Wave). Mula sa Korea.*
32. *Korean dramas in Malaysia. International Journal of Innovative Research in Engineering & Management, 5(1).*
33. *Kumar, G. D. (2019). Factors Influencing Consumer Preference for Purchase Intention of Organic Apparel Products – A Structured Review.Pacific Business Review International, 11(6).*
34. *Longenecker, L., & Lee, J. (2018). The Korean Wave in America: Assessing the Status of K-pop and K-drama between Global and Local.*
35. *Notedfiles.com (06 Jan. 2014). Ways of respecting elders in Korea. Retrieved from*
36. *ways-of-respecting-elders-in-korea.html Encyclopedia of Science Learning. (2012).*
37. *Notedfiles.com (06 Jan. 2014). Ways of respecting elders in Korea. Retrieved from politeknikong unibersidad ng pilipinas- sta Mesa, maynila taong panuruan 2014-2015: isang pag-aaral.Polytechnic University, Manila, Philippines.*
38. *Portillo, G. (2018). Simbolisme, isyung panlipunan at teoryang pampanitikan sa mga piling indie film sa Pilipinas: munkahing gabay ng pagtuturo. Di-nalathalang Disertasyon, University of Bohol, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*
39. *Rodriguez. R. A. (2015). Epektong dulot ng k-pop sa personalidad ng mga piling mag-aaral ng*
40. *Roll, M. (2018, March 16) Korean Wave (Hallyu) The Rise of Korea's Cultural Economy & Pop Culture Mula Martin Roll Company:*
41. *Ryoo, W. (2009).Globalization or the logic of cultural hybridization: The case of the Korean Wave. Asian Journal of Communication.*
42. *Sacdalan, D. (n.d.). Globalizing Inspirations: KPop and its Influence to Philippine Popular Music*
43. *Saeji, C. (2019). Borrowed National Bodies: Ideological Conditioning and Idol-Logical Practices of K-Pop Cover Dance. Open Access | Open Scholarship.*
44. *Santamaria, C. (2012, September 19). Korean "Hallyu' and the Pinoy invasion. Mula sa Rappler:*
45. *Sobur, A., Darmawan, F., Kusumalestari, R., Listiani, E., Ahmadi, D., & Albana, M. (2018). The Meaning of K-Pop and Self-Concept Transformation of K-Pop Fans in Bandung. [Link]*
46. *Straman, A. B. (2013, March). The case study as a type of qualitative research. FromRetrievedResearchGate*
47. *Straubhaar, J. D. (18 May 2007). Dependency of Third world Media SAGE Publication*
48. *The Freeman (2016). Hallyu wave: Rise of Korean culture in the Philippines.*
49. *Thu Ha, N. & Gizaw, A. (2018). Factors influence consumer purchase decisions of Private Label Food Products. A case study of ICA Basic. School of Business, Society and Engineering.*
50. *Wang, K. (2006). Move over, telenovelas: Korean dramas our next. Television Week.*
51. *Zainudin, S., Yoan, S., & Aisyah, A. (2019, January 1). Social media translational action:*

*a.* .